PANTAO
(International Journal of the Humanities and Social Sciences)
Volume 5, Issue 4
ISSN 3028-0877 | e-ISSN 3155-6043 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

Reader-response approach in understanding legends in Filipino 7

Jolly D. Cordilla*
Cebu Technological University – Main Campus, Cebu City, Philippines

ABSTRACT

This study aimed to determine the effectiveness of the Reader-Response Approach in improving the comprehension of legends among Grade 7 Filipino students at San Agustin National High School, Sagbayan, Bohol, during the school year 2026–2027. The study employed a quasi-experimental research design, specifically the One-Group Pretest-Posttest Design, to determine the differences in students' performance before and after the implementation of the approach. Sixty (60) students participated in the study. The research instruments included a pretest, posttest, and Likert-scale questionnaire. The collected data were analyzed using mean, standard deviation, paired samples t-test, frequency, and percentage. The pretest results under the traditional teaching method revealed that students performed at the Beginning level in identifying characters in the legends they read (M = 37, SD = 7.77), identifying significant events in the legends (M = 36, SD = 6.47), and explaining significant events in the legends (M = 35, SD = 5.02). Following the implementation of the Reader-Response Approach, students demonstrated improved performance in identifying characters (M = 63, SD = 7.01), identifying significant events (M = 67, SD = 6.71), and explaining significant events (M = 74, SD = 6.16). Furthermore, the paired samples t-test revealed a statistically significant difference between students' pretest and posttest performance ($p < .001$). The respondents also demonstrated positive attitudes toward the implementation of the Reader-Response Approach. Overall, the findings indicated that the Reader-Response Approach was effective in enhancing students' comprehension of legends. Based on these findings, an Enriched Lesson Plan was developed as an instructional resource and intervention to further strengthen legend comprehension among Grade 7 Filipino students.

Keywords: Reader-Response Approach; legend comprehension; Filipino 7; quasi-experimental research; Enriched Lesson Plan; folk literature.

Date Submitted: October 20, 2026
Date Accepted: November 05, 2026
Date Published: November 15, 2026

*Corresponding author / Email: jollydagohoy1987@gmail.com
DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS05041666

Recommended citation:
Cordilla, J. D. (2026). Reader-response approach in understanding legends in Filipino 7. Pantao (International Journal of the Humanities and Social Sciences) 5 (4), 1434-1461. http://doi.org/10.69651/PIJHSS05041666

Reader-response approach sa pag-unawa ng alamat sa Filipino 7

Jolly D. Cordilla
Cebu Technological University – Main Campus, Cebu City, Philippines

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang bisa ng Reader-Response Approach sa pag-unawa ng alamat ng mga mag-aaral sa Filipino 7 sa San Agustin National High School, Sagbayan, Bohol sa taong panuruan 2026–2027. Gumamit ang pananaliksik ng quasi-experimental research design, partikular ang One-Group Pretest-Posttest Design, upang matukoy ang pagkakaiba ng pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang nasabing dulog. Animnapung (60) mag-aaral ang naging respondente ng pag-aaral. Ginamit bilang instrumento ang paunang pagganap, panghuling pagganap, at talatanungang Likert Scale. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang mean, standard deviation, paired samples t-test, dalas, at bahagdan. Batay sa resulta ng paunang pagganap gamit ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo, nagtamo ang mga mag-aaral ng antas na Nagsisimula (Beginning) sa pag-isa-isa ng mga tauhan sa binasang alamat (M=37, SD=7.77), pagtukoy ng mahahalagang pangyayari sa alamat (M=36, SD=6.47), at pagpapaliwanag ng mahahalagang pangyayari sa alamat (M=35, SD=5.02). Matapos gamitin ang Reader-Response Approach, umangat ang kanilang pagganap sa pag-isa-isa ng mga tauhan (M=63, SD=7.01), pagtukoy ng mahahalagang pangyayari (M=67, SD=6.71), at pagpapaliwanag ng mahahalagang pangyayari (M=74, SD=6.16). Ipinakita rin ng paired samples t-test na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral ($p < .001$). Dagdag pa rito, nagpakita ang mga respondente ng positibong saloobin sa paggamit ng Reader-Response Approach. Sa kabuuan, napatunayang epektibo ang Reader-Response Approach sa pagpapaunlad ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa alamat. Bunga nito, nabuo ang isang Pinagyamang Hulwarang Aralin bilang kagamitang pampagtuturo at interbensiyon upang higit pang mapaunlad ang pag-unawa sa alamat ng mga mag-aaral sa Filipino 7.

Susing salita: Reader-Response Approach; pag-unawa sa alamat; Filipino 7; quasi-experimental research; Pinagyamang Hulwarang Aralin; panitikang-bayan.

PANIMULA

Sa konteksto ng pag-unawa, ang alamat ay hindi lamang simpleng naratibo kundi isang salamin ng paniniwala, kultura, at tradisyon na nagbibigay aral at pagpapahalaga sa mga kabataan. Ang kasanayan sa pag-unawa ng alamat ay nangangailangan ng aktibong pagbasa at pagbibigay kahulugan ng mga tagpo, tauhan, at aral na nilalaman nito —bagay na nakakatulong sa mga mag-aaral upang mas lalo nilang maipaunawa ang mga teksto at mapalalim ang kanilang interpretasyon at personal na koneksyon sa binasang alamat.

Ayon kina Monica at Soplantila (2024), ang paggamit ng local folklore sa pagtuturo ay may mahalagang papel sa pagpapahusay ng reading comprehension ng mga mag-aaral. Natuklasan sa kanilang pag-aaral na ang mga kuwentong alamat at iba pang anyo ng folklore na pamilyar sa mga mag-aaral ay nakapagpapataas ng kanilang interes, motibasyon, at mas malalim na pag-unawa sa teksto. Samantala, sa pag-aaral ni Sopian (2025), sinuri kung paano nakaaapekto ang pagsasama ng local folklore sa kurikulum sa reading comprehension ng mga junior high school students. Ipinakita ng resulta na ang mga folklore-based reading activities ay nakatutulong hindi lamang sa pag-unawa sa daloy ng kuwento kundi maging sa pagpapayaman ng bokabularyo at pag-unawa sa mga temang nakapaloob sa teksto. Ipinakita

ISSN 3028-0877 | e-ISSN 3155-6043 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

rin sa pag-aaral ni Malinda (2025) ang pagiging epektibo ng paggamit ng folklore sa pagpapataas ng reading comprehension scores ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pre-experimental design, natuklasan na may makabuluhang pagtaas sa resulta ng pagsusulit matapos isagawa ang folklore-based reading sessions.

Bagama't may ilang umiiral na pag-aaral hinggil sa paggamit ng mga tekstong pampanitikan sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa, nananatiling limitado ang mga pananaliksik na tuwirang nakatuon sa pag-unawa ng alamat bilang natatanging anyo ng panitikang-bayan. Kadalasan, ang mga pag-aaral ay nakapokus sa pangkalahatang reading comprehension o iba't ibang genre ng teksto.

Sa aktuwal na sitwasyon sa loob ng silid-aralan, napapansin na maraming mag-aaral ang nakakabasa ng alamat ngunit hindi lubusang nauunawaan ang mas malalim na aral at kahulugan nito. Kadalasan, natutukoy lamang ang mga tahasang pangyayari at tauhan sa kuwento, subalit nahihirapan sa pagsusuri ng simbolismo, tema, at implikasyon ng mga pangyayari.

Ang pag-unawa sa alamat sa pamamagitan ng dulog, estratehiya, metodo at teknik ay isang makabuluhang interbensyon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa sapagkat inilalagay nito ang mag-aaral bilang aktibong tagapagbuo ng kahulugan, hindi lamang tagatanggap ng impormasyon. Sa halip na ituon ang talakayan sa literal na detalye ng kuwento, binibigyang-diin ng pamamaraang ito ang personal na interpretasyon, pag-uugnay sa sariling karanasan, at masusing pagsusuri sa simbolismo at aral ng alamat.

Bilang interbensyon, kailangan na maghanap ng mga epektibong estratehiya na maaring gamitin upang masuplayan ang mga ganitong klaseng problema tulad ng pag-unawa ng mga babasahing panitikan. Maaari ring gamitin ang performance-based tasks tulad ng muling pagsulat ng wakas ng alamat o pagbuo ng modernong bersyon nito upang mapalalim ang aplikasyon ng natutunang aral.

Mahalaga ang interbensyong ito sapagkat tinutugunan nito ang karaniwang suliranin sa mababaw na pag-unawa at kakulangan sa koneksyon ng teksto sa tunay na buhay. Sa pamamagitan ng paglalapat ng Reader-Response Approach, nagiging makabuluhan at kontekstuwalisado ang pag-aaral ng alamat, na nagreresulta sa mas mataas na interes, mas aktibong partisipasyon, at mas matibay na comprehension performance.

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri nang sistematiko ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa alamat batay sa iba't ibang dimensyon ng comprehension—literal, inferensyal, at kritikal—at matukoy ang mga salik na nakaaapekto rito tulad ng dating kaalaman, karanasang kultural, interes sa pagbasa, at estratehiyang ginamit sa pagtuturo.

Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat tumutugon ito sa pangangailangang mapaigting ang mas mataas na antas ng pag-iisip sa pagbasa ng panitikang-bayan. Sa aspektong pedagogikal, makapagbibigay ito ng empirikal na batayan sa mga guro sa pagpili at paggamit ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo ng alamat na hindi lamang nakatuon sa pag-alala ng detalye kundi sa mas malalim na pag-unawa at kritikal na pagsusuri.

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nagsisilbing masusing pagsusuri sa pag-unawa sa alamat bilang mahalagang bahagi ng pagtuturo ng panitikang Filipino. Sa paglalapat ng mga umiiral na literatura at pagtingin sa aktuwal na kalagayan ng mga mag-aaral, nabibigyang-linaw na ang alamat ay hindi lamang simpleng naratibong binabasa sa silid-aralan kundi isang tekstong may taglay na historikal, kultural, at pagpapahalagang dimensyon. Ang lalim ng pag-unawa rito ay nakasalalay hindi lamang sa kakayahang matukoy ang mga detalye ng kuwento kundi sa kakayahang magbigay ng makabuluhang interpretasyon, magsuri ng simbolismo, at mag-ugnay ng aral sa kontemporaryong realidad.

Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglayong matasa ang kabisaan ng Reader-Response Approach sa pag-unawa ng alamat ng mga mag-aaral sa Filipino 7 sa San Agustin National High School, Sagbayan, Bohol, sa taong panuruan 2026-2027, bilang gabay sa pagbuo ng Pinagyamang Hulwarang Aralin na tutugon sa mga natukoy na kakulangan sa pag-unawa ng alamat.

Hinangad ng pag-aaral na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng paunang pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 7 sa pag-unawa ng alamat gamit ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo batay sa kakayahang isa-isahin ang mga tauhan sa binasang alamat, tukuyin ang mahahalagang pangyayari sa alamat, at ipaliwanag ang mahahalagang pangyayari sa alamat?
2. Ano ang antas ng panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 7 sa pag-unawa ng alamat gamit ang Reader-Response Approach batay sa kakayahang isa-isahin ang mga tauhan sa binasang alamat, tukuyin ang mahahalagang pangyayari sa alamat, at ipaliwanag ang mahahalagang pangyayari sa alamat?
3. May makabuluhang pagkakaiba ba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng alamat bago at pagkatapos gamitin ang Reader-Response Approach?
4. Ano ang saloobin ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng Reader-Response Approach sa pagtuturo ng pag-unawa sa alamat?
5. Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, anong Pinagyamang Hulwarang Aralin ang maaaring mabuo upang mapahusay ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa alamat sa Filipino 7?

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng quasi-experimental na disenyo ng pananaliksik upang matukoy ang epekto ng Reader-Response Approach sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino 7. Layunin nitong masukat kung may pagbabago sa antas ng kanilang pagganap bago at pagkatapos ipatupad ang nasabing interbensiyon. Ang quasi-experimental design ay kahalintulad ng tunay na eksperimento ngunit hindi gumagamit ng random na pagtatalaga ng mga kalahok sa mga grupo. Ayon kina Creswell at Creswell (2018), ang ganitong disenyo ay ginagamit kapag hindi praktikal o hindi posible ang random assignment, subalit ninanais pa ring matukoy ang epekto ng isang treatment sa umiiral na grupo sa pamamagitan ng paghahambing ng pauna at paunang resulta.

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, mananatili ang umiiral na pagkakabuo ng klase sa Filipino 7 at hindi na magkakaroon ng random na paghahati ng mga mag-aaral. Susukatin muna ang paunang pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pamamagitan ng pre-test, saka ipatutupad ang Reader-Response Approach bilang interbensiyon sa loob ng itinakdang panahon, at muling susukatin ang kanilang panghuling pagganap gamit ang post-test. Ang paghahambing ng dalawang resulta ang magsisilbing batayan upang malaman kung may makabuluhang pagbabago sa kanilang pag-unawa matapos gamitin ang dulog.

Ang mga datos na nakalap sa pauna at panghuling pagganap ay nilapatan ng angkop na istadistikal na pagsusuri upang matiyak ang bisa ng haypotesis. Ang mga markang nakuha ay itinuring na bahagi ng kwantitatibong aspeto ng pag-aaral, habang ang pagsusuri at pagpapakahulugan sa mga karanasan at tugon ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng dulog ay kabilang sa kwalitatibong aspeto. Sa ganitong paraan, nagiging mas komprehensibo ang pagsusuri sa epekto ng Reader-Response Approach sa pag-unawa ng Alamat sa Filipino 7, habang nananatiling angkop ang disenyo sa tunay na kalagayan ng silid-aralan.

Ang mga respondente ng pag-aaral na ito ay binuo ng animnapung (60) mag-aaral mula sa Baitang 7 ng San Agustin National High School na napili mula sa kabuuang walumpu't

ISSN 3028-0877 | e-ISSN 3155-6043 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

siyam (89) na mag-aaral. Ang kabuuang populasyon ay kinabibilangan ng apatnapung (40) mag-aaral mula sa seksyong Amethyst at apatnapu't siyam (49) mag-aaral mula sa seksyong Jasper. Sila ay napiling lumahok sa pananaliksik batay sa itinakdang pamantayan na may kaugnayan sa layunin ng pag-aaral, partikular sa kanilang antas ng pag-unawa sa alamat at pangangailangan ng mas angkop na estratehiya sa pagtuturo upang mapalalim ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pagpapakahulugan.

Sa pagpili ng mga respondente, ginamit ang purposive sampling, isang uri ng non-probability sampling technique kung saan pinili ang mga kalahok batay sa tiyak na katangian na mahalaga sa pag-aaral. Sa paraang ito, sinadya ng mananaliksik na isama ang mga seksyon na angkop sa implementasyon ng Reader-Response Approach upang makalikom ng makabuluhan at kaugnay na datos na magsisilbing batayan sa pagsusuri ng epekto ng nasabing estratehiya sa pag-unawa ng alamat sa Filipino 7.

Gumamit ng tatlong instrumento ang mananaliksik upang masukat at makuha ang inaasam na datos. Paunang pagganap, Panghuling pagganap at isang talatanungan upang sukatin ang personal na saloobin ng mga respondente na binuo ng mananaliksik at ipinabalideyt sa mga eksperto. Bago ginamit ang talatanungan, nagkaroon ng content validation na sinuri ng eksperto na naging ganap at opisyal na talatanungan sa pag-aaral. Pagkatapos naibalideyt ng eksperto, nagkaroon ng pilot testing sa 30 mag-aaral para sa gagamiting instrumento upang malaman ang kabisaan ng ginawang talatanungan. Ang pauna at panghuling pagganap ay binubuo ng dalawang magkatulad na paraan sa pagsukat ng pag-unawa ng mga respondente sa babasahing alamat at sasagutan na katanungan na tutugon sa kompetensi. Ipapaliwanag ang pamantayan na na kanilang pagbabatayan sa pag-unawa ng alamat. Samantala, ang talatanungan na binuo ng mananaliksik ay kinapapalooban ng mga katanungan na siyang susukat sa pag-unawa ng kanilang binasang Alamat.

Una, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa punong-guro o kawaksi ng punong-guro ng San Agustin National High School na siyang pagtutuunan ng pag-aaral na hayaan o payagan ang mga mag-aaral sa Baitang 7 sekyon ng Amethyst at Jasper na maging respondente ng pag-aaral. Ikalawa, sa paunang pagganap, nagturo ang guro ng kombensyunal na paraan ng pagtuturo sa pag-unawa ng Alamat. Pagkatapos, ang guro ay magpapabasa sa mga mag-aaral ng Alamat at gagamit ng mga katanungan ang guro upang masukat ang kanilang pag-unawa sa binasang kwento.

Ikatlo, sa panghuling pagganap ginamitan ng mananaliksik ang mga respondente ng makabagong paraan ng pagtuturo sa pag-unawa ng Alamat. Ang Reader-Response Approach ay itinuro at isinama sa pagtatalakay ng pag-unawa ng Alamat. Sa nabuong tatlong kwento, ang mga mag-aaral ay mag babasa at sasagutan ang mga katanungang inihanda sa bawat kwento at gagamitin ito ay kinapalooban ng Reader-Response sa pamamagitan ng sunod-sunod na hakbang: (1) Paghahanda, kung saan ina-activate ang dating kaalaman ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagganyak at kaugnay na tanong upang maihanda ang kanilang isipan sa pagbasa; (2) Aktibong Pagbasa, kung saan hinihikayat silang magtala ng reaksyon, tanong, at hinuha habang binabasa ang teksto upang maging makabuluhan ang pagproseso ng impormasyon; (3) Personal na Reaksyon at Talakayan, kung saan ibinabahagi at pinapalalim ang kanilang interpretasyon sa pamamagitan ng pag-uugnay sa tema at tunay na buhay; at (4) Pagpapalalim at Sintesis, kung saan binubuo ang natutuhan sa pamamagitan ng repleksyon o malikhaing gawain upang mapagtibay ang mas mataas na antas ng pag-unawa. Ikaapat, pagkatapos makuha at makolekta ang mga datos sa pauna at panghuling pagganap, isinagawa ang pagsusuri sa makabuluhang pagkakaiba gamit ang istadistikal na tools na Paired Samples T-test, dito malalaman ang pagkakaiba ng resulta ng dalawang pagganap. Ikalima, gamit ang talatanungan na na 5 likert scale at kinuha ang saloobin ng mga respondenteng mag-aaral upang

malaman ang kabisaan ng Reader-Response Approach. Panghuli, mula sa mga datos na nakuha, gumawa ang mananaliksik ng kagamitang pampagtuturo na magbibigay daan tungo sa pagbuo ng kongklusyon, implikasyon at rekomendasyon.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Tinalakay sa kabanatang ito ang paunang pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng alamat gamit ang tradisyunal na pagtuturo, ang kanilang panghuling pagganap matapos gamitin ang Reader-Response Approach, ang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pagganap bago at pagkatapos ng interbensiyon, at ang kanilang saloobin hinggil sa paggamit ng Reader-Response Approach. Ang mga natuklasan ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng Pinagyamang Hulwarang Aralin na inaasahang makatutulong sa higit pang pagpapaunlad ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa alamat.

Paunang pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 7 sa pag-unawa ng alamat gamit ang tradisyunal na pagtuturo

Ipinakikita sa bahaging ito ang paunang pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 7 sa pag-unawa ng alamat bago gamitin ang Reader-Response Approach. Ang pagtatasa ay isinagawa gamit ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo upang matukoy ang antas ng kanilang pag-unawa sa mga mahahalagang elemento at pangyayari sa binasang alamat.

Batay sa talahanayan 1, ang paunang pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 7 sa pag-unawa ng alamat gamit ang tradisyunal na pagtuturo ay nasa antas na Nagsisimula (Beginning) sa lahat ng tinukoy na kompetensi. Ipinakikita nito na bago ang paggamit ng Reader-Response Approach, ang mga mag-aaral ay mayroon pang limitadong pag-unawa sa mga konsepto at kasanayang kinakailangan sa pagsusuri at pag-unawa ng alamat.

Sa kompetensiyang Naiisa-isa ang mga tauhan sa binasang alamat, lahat ng 60 mag-aaral o 100% ng mga respondente ay nakapaloob sa antas na Nagsisimula (Beginning), na may mean na 37 at standard deviation na 7.77. Ipinakikita ng resulta na sa isinagawang paunang pagtataya, hindi pa ganap na malinang sa mga mag-aaral ang kakayahang tukuyin at isa-isahin nang wasto ang mga tauhang nakapaloob sa binasang alamat. Bagama't maaaring nakikilala ng ilan sa mga mag-aaral ang mga tauhang pamilyar o tahasang binanggit sa kuwento, ipinahihiwatig ng kanilang kabuuang resulta na nangangailangan pa sila ng higit na paggabay upang matukoy ang mahahalagang tauhan at maunawaan ang kanilang papel sa daloy ng kuwento.

Ang mean na 37 ay nagpapakita ng pangkalahatang antas ng pagganap ng 60 respondente sa nasabing kompetensi. Samantala, ang standard deviation na 7.77 ay nagpapakita na may pagkakaiba-iba sa mga marka ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahang mag-isa-isa ng mga tauhan. Ibig sabihin, bagama't lahat sila ay kabilang sa parehong antas ng pagganap batay sa itinakdang pamantayan, hindi nangangahulugang magkakapareho ang kanilang aktuwal na marka. May mga mag-aaral na nakakuha ng mas mataas na marka kaysa sa iba, samantalang mayroon ding nakakuha ng mas mababang marka. Ipinahihiwatig nito na magkakaiba ang kanilang panimulang antas ng pag-unawa at kakayahan sa pagkilala sa mga tauhan ng alamat.

Sa kabuuan, ipinakikita ng resulta na hindi pa sapat ang kasalukuyang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa kompetensiyang ito. Ipinahihiwatig din nito ang pangangailangan para sa isang estratehiyang higit na nakapagpapasigla sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa sa akda. Sa ganitong kalagayan, ang paggamit ng Reader-Response Approach ay maaaring magsilbing paraan upang mahikayat ang mga mag-aaral na hindi lamang kilalanin ang mga tauhan, kundi pati na rin maiuugnay ang kanilang mga

kilos, katangian, at papel sa mga pangyayari sa alamat. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng sariling reaksyon, pagtatanong, paghihinuha, at pag-uugnay sa kanilang karanasan, maaaring higit na mapalalim ang kanilang pag-unawa sa mga tauhang nakapaloob sa binasang akda.

Samantala, sa kompetensiyang Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa alamat, lahat ng 60 respondente o 100% ay nakapaloob pa rin sa antas na Nagsisimula (Beginning), na may mean na 36 at standard deviation na 6.47. Ipinakikita ng resulta na sa paunang pagtataya, hindi pa sapat ang kakayahan ng mga mag-aaral na matukoy ang mga pangyayaring may mahalagang papel sa pagbuo ng kabuuang daloy ng alamat. Ibig sabihin, maaaring nababasa at nauunawaan nila ang ilang bahagi ng kuwento, subalit nahihirapan silang tukuyin kung alin sa mga pangyayaring ito ang pinakamahalaga sa pagbuo ng banghay o sa pag-unlad ng kuwento.

Ang mean na 36 ay nagpapakita ng pangkalahatang antas ng pagganap ng mga respondente sa kasanayang ito. Ipinahihiwatig nito na kailangan pa nilang malinang ang kakayahang kumilala, pumili, at mag-ugnay ng mahahalagang pangyayari sa isang binasang akda. Sa pag-unawa sa alamat, mahalagang hindi lamang maalala ng mga mag-aaral ang mga pangyayaring nabasa, kundi matukoy rin kung alin ang may malaking ambag sa pagbuo ng suliranin, pag-unlad ng mga tauhan, at paglalahad tungo sa wakas ng kuwento.

Samantala, ang standard deviation na 6.47 ay nagpapakita na may pagkakaiba-iba sa mga marka ng mga mag-aaral. Bagama't lahat ng respondente ay kabilang sa antas na Nagsisimula (Beginning), hindi nangangahulugang pare-pareho ang kanilang aktuwal na pagganap. May ilang mag-aaral na maaaring nakatukoy ng mas maraming mahahalagang pangyayari, samantalang mayroon ding higit na nangangailangan ng paggabay upang maunawaan ang pagkakasunod-sunod at kahalagahan ng mga ito. Ipinakikita nito na may magkakaibang panimulang antas ng kasanayan ang mga mag-aaral sa pag-unawa at pagsusuri ng mga pangyayari sa alamat.

Mahalaga ring isaalang-alang na ang pagtukoy sa mahahalagang pangyayari ay nangangailangan ng higit pa sa simpleng pag-alala sa nilalaman ng teksto. Kailangang maunawaan ng mag-aaral ang ugnayan ng bawat pangyayari at matukoy kung paano ito nakatutulong sa pagbuo ng kabuuang kuwento. Sa ganitong kalagayan, makatutulong ang mga gawaing nagbibigay-diin sa pagbibigay ng reaksyon, pagtatanong, paghihinuha, at pag-uugnay ng mga pangyayari sa sariling karanasan. Ang ganitong proseso ay umaayon sa Reader-Response Approach, kung saan aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral sa pagbuo ng kahulugan mula sa kanilang binabasa.

Sa kabuuan, ipinakikita ng resulta na nangangailangan pa ng higit na paggabay at angkop na estratehiya ang mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kakayahang tumukoy sa mahahalagang pangyayari sa alamat. Ang resulta ng paunang pagtataya ay nagsilbing mahalagang batayan sa paglalapat ng Reader-Response Approach, na naglalayong gawing mas aktibo ang mga mag-aaral sa pagbasa, pag-unawa, pagbibigay-kahulugan, at pag-uugnay ng mahahalagang pangyayari sa binasang alamat.

Gayundin, sa kompetensiyang Naipapaliwanag ang mga mahahalagang pangyayari sa alamat, nakapagtala ang mga mag-aaral ng mean na 35 at standard deviation na 5.02, na may berbal na paglalarawang Nagsisimula (Beginning). Sa tatlong kompetensiyang sinukat, ito ang nakapagtala ng pinakamababang mean sa paunang pagganap. Ipinakikita nito na sa isinagawang paunang pagtataya, higit na nangangailangan ng paggabay ang mga mag-aaral sa pagpapaliwanag at pagbibigay-kahulugan sa mga pangyayaring nakapaloob sa binasang alamat.

Ang mean na 35 ay nagpapahiwatig na hindi pa ganap na nalilinang sa mga mag-aaral ang kakayahang ipaliwanag kung bakit mahalaga ang isang pangyayari, paano ito nauugnay sa

iba pang pangyayari, at ano ang naging epekto nito sa pag-unlad ng kuwento. Maaaring natutukoy o naaalala ng mga mag-aaral ang ilang pangyayari sa alamat, ngunit nahihirapan silang magbigay ng malinaw at makabuluhang paliwanag tungkol sa kahalagahan ng mga ito. Ipinakikita nito ang pagkakaiba sa pagitan ng simpleng pagkilala o pagbanggit sa isang pangyayari at ng mas malalim na pag-unawa rito.

Ang pagpapaliwanag ng mahahalagang pangyayari ay nangangailangan ng mas mataas na antas ng pagpoproseso ng impormasyon sapagkat kailangang maunawaan ng mga mag-aaral ang sanhi at bunga, pagkakasunod-sunod, ugnayan ng mga pangyayari, at kaugnayan ng mga ito sa mensahe o aral ng alamat. Halimbawa, hindi lamang sapat na masabi ng mag-aaral kung ano ang nangyari sa kuwento; kinakailangan din niyang maipaliwanag kung bakit naganap ang isang pangyayari, ano ang naging epekto nito sa mga tauhan, at paano ito nakaimpluwensiya sa kasunod na mga pangyayari hanggang sa wakas ng alamat. Ang ganitong uri ng pag-unawa ay mahalaga upang maipakita na tunay na nauunawaan ng mag-aaral ang binasang akda.

Samantala, ang standard deviation na 5.02 ay nagpapakita na may pagkakaiba-iba sa mga marka ng mga mag-aaral sa kasanayang ito. Bagama't lahat ng respondente ay kabilang sa antas na Nagsisimula (Beginning), hindi nangangahulugang pare-pareho ang kanilang aktuwal na pagganap. May ilang mag-aaral na nakapagbigay ng bahagyang mas malinaw na paliwanag tungkol sa mahahalagang pangyayari, samantalang mayroon ding higit na nangangailangan ng gabay sa pagbibigay-kahulugan at pag-uugnay ng mga pangyayari. Ipinahihiwatig nito na mayroon silang magkakaibang panimulang antas ng kakayahan sa pagpapaliwanag ng tekstong pampanitikan.

Ang pinakamababang mean na 35 sa kompetensiyang ito ay mahalagang isaalang-alang sa pagbuo ng interbensiyon. Ipinakikita nito na hindi sapat ang mga gawaing nakatuon lamang sa pagbasa at pagkuha ng literal na impormasyon mula sa teksto. Kinakailangan ang mga gawaing makatutulong sa mga mag-aaral na mag-isip, magtanong, magbigay ng sariling reaksyon, bumuo ng hinuha, at iugnay ang mga pangyayari sa kanilang sariling karanasan at pananaw. Sa ganitong paraan, mas mauunawaan nila ang kahulugan at kahalagahan ng mga pangyayaring nakapaloob sa alamat.

Sa kontekstong ito, ang paggamit ng Reader-Response Approach ay angkop na tugon sa natukoy na pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paghahanda, aktibong pagbasa, personal na reaksyon at talakayan, at pagpapalalim at sintesis, nabibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong hindi lamang alalahanin ang mga pangyayari kundi aktibong bumuo ng sariling pagpapakahulugan tungkol sa binasang alamat. Ang pagbibigay ng sariling reaksyon at pag-uugnay ng mga pangyayari sa kanilang karanasan ay maaaring makatulong upang higit nilang maunawaan ang kahulugan at kahalagahan ng mga ito.

Samakatuwid, ipinakikita ng paunang resulta na ang pagpapaliwanag ng mahahalagang pangyayari sa alamat ang may pinakamababang antas ng pagganap sa tatlong sinuring kompetensi, na may mean na 35 at standard deviation na 5.02. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng mas malinaw na paggabay at mga gawaing nakatuon sa mas malalim na pag-unawa, pagsusuri, at pagbibigay-kahulugan sa binasang akda. Ang resultang ito ang nagsilbing mahalagang batayan sa paglalapat ng Reader-Response Approach upang higit na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na ipaliwanag, bigyang-kahulugan, at maiugnay ang mahahalagang pangyayari sa kabuuang mensahe ng alamat.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta ng pag-aaral na ang lahat ng animnapung (60) respondente ay nasa antas na Nagsisimula (Beginning) sa pag-unawa ng alamat batay sa tatlong sinukat na kompetensiya: (1) naiisa-isa ang mga tauhan sa binasang alamat, (2) natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa alamat, at (3) naipapaliwanag ang mga mahahalagang pangyayari sa alamat. Sa paunang pagtataya, nakapagtala ang mga mag-aaral ng mean na 37 sa pagtukoy sa mga tauhan, 36 sa pagtukoy sa mahahalagang pangyayari, at 35 sa pagpapaliwanag ng mahahalagang pangyayari. Ipinakikita nito na higit na nangangailangan ng gabay ang mga

ISSN 3028-0877 | e-ISSN 3155-6043 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

mag-aaral sa pagkilala sa mahahalagang elemento ng alamat at, higit sa lahat, sa pagpapaliwanag at pagbibigay-kahulugan sa mga pangyayaring nakapaloob dito. Kung gayon, mahalagang gumamit ng estratehiyang hindi lamang nakatuon sa pagbibigay ng impormasyon, kundi nagbibigay rin ng pagkakataon sa mga mag-aaral na aktibong magbasa, magbahagi ng sariling reaksiyon, bumuo ng interpretasyon, at maiugnay ang kanilang mga karanasan sa binasang akda.

Batay rin sa mga natuklasan, naging mahalagang batayan ang paunang kalagayan ng mga mag-aaral sa pagpapatupad ng Reader-Response Approach bilang estratehiya sa pagtuturo ng alamat. Sa pamamagitan ng Paghahanda, Aktibong Pagbasa, Personal na Reaksyon at Talakayan, at Pagpapalalim at Sintesis, nabibigyan ang mga mag-aaral ng mas aktibong papel sa proseso ng pagkatuto. Ang ganitong pamamaraan ay nakatutulong upang hindi lamang nila makilala at matukoy ang mga tauhan at mahahalagang pangyayari, kundi higit ding mapaunlad ang kanilang kakayahang magpaliwanag, magsuri, magbigay ng sariling interpretasyon, at makabuo ng makabuluhang pag-unawa sa mensahe ng alamat. Dahil dito, ang mga resulta ng paunang pagtataya ay nagsilbing mahalagang batayan sa pagpili at paggamit ng Reader-Response Approach bilang tugon sa pangangailangang mapaunlad ang pag-unawa sa alamat ng mga mag-aaral sa Filipino 7.

Ayon kay Rosales (2019), ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan ay nakadepende sa kanilang kakayahang makipag-ugnayan sa teksto at makabuo ng kahulugan mula rito. Natuklasan niya na maraming mag-aaral ang nakararanas ng kahirapan sa pag-unawa kapag hindi sila aktibong kalahok sa proseso ng pagbasa. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay nagpapahiwatig na ang limitadong pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagpoproseso ng teksto ay maaaring humantong sa mababang antas ng pag-unawa sa mga akdang pampanitikan.

Sinang-ayunan ito ni Gudowski (2021) na nagsabing ang mga talakayan sa panitikan at paggamit ng reader-response journals ay may positibong epekto sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinakita ng kaniyang pag-aaral na ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang mga reaksyon at interpretasyon sa binasa ay nakatutulong upang higit nilang maunawaan ang teksto.

Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Pastera (2024) na may mahalagang ugnayan ang paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa at antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Natuklasan niya na ang mga mag-aaral na kulang sa mabisang estratehiya sa pagbasa ay karaniwang nagpapakita ng mababang antas ng pag-unawa sa mga tekstong kanilang binabasa. Ang natuklasang ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng paggamit ng angkop na estratehiya upang mapaunlad ang pagkatuto.

Katulad nito, ipinaliwanag ni Kim (2024) na batay sa teorya ni Rosenblatt, ang pag-unawa ay nalilinang sa pamamagitan ng interaksiyon ng mambabasa at teksto. Ayon sa kaniya, kapag ang mga mag-aaral ay hindi nabibigyan ng pagkakataong magbigay ng personal na tugon at interpretasyon sa kanilang binabasa, nananatiling mababaw ang kanilang pag-unawa sa akda.

Samantala, natuklasan nina Bist at Kandel (2024) na ang Reader-Response Approach ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral na magbigay ng interpretasyon at personal na kahulugan sa mga akdang pampanitikan. Ipinakita rin ng kanilang pag-aaral na mas nagiging malalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral kapag sila ay aktibong nakikilahok sa proseso ng pagbasa.

Higit pa rito, ipinakita ni Johnson (2025) na ang paggamit ng iba’t ibang akdang pampanitikan at mga gawaing nakatuon sa pagtugon ng mga mag-aaral sa binasa ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa pagbasa. Binigyang-diin niya na kinakailangan ng mga mag-aaral ang mga estratehiyang nagbibigay-daan sa aktibong pakikilahok upang higit

nilang maunawaan ang tekstong kanilang binabasa. Pinagtibay naman nina Gebremariam et al. (2025) na ang mga mag-aaral na sumailalim sa sistematikong mga estratehiya sa pagbasa ay nagpakita ng mas mataas na antas ng pag-unawa kumpara sa mga mag-aaral na dumaan lamang sa karaniwang pamamaraan ng pagtuturo. Ipinahihiwatig nito na ang tradisyunal na pagtuturo ay maaaring hindi sapat upang malinang ang mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tekstong kanilang binabasa.

Batay sa mga nabanggit, nagpapatunay na ang kakulangan sa angkop at interaktibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ay maaaring magresulta sa mababang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan. Ipinakita rin ng kanilang mga natuklasan na ang mga estratehiyang nagbibigay-diin sa aktibong pakikilahok, personal na pagtugon, at makabuluhang interaksiyon sa teksto ay nakatutulong upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang mga resultang ito ay sumusuporta sa natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral na ang mga mag-aaral sa Filipino 7 ay nasa antas na Nagsisimula (Beginning) sa pag-unawa ng alamat bago gamitin ang Reader-Response Approach, kaya't kinakailangan ang paggamit ng mas makabuluhan at mag-aaral-sentrik na estratehiya upang mapaunlad ang kanilang pagkatuto.

Batay sa resulta ng paunang pagtatasa, lumabas na ang lahat ng animnapung (60) mag-aaral o 100% ng mga respondente ay nasa antas na Nagsisimula (Beginning) sa tatlong kompetensiyang sinusukat sa pag-unawa ng alamat. Ang kompetensiyang Naiisa-isa ang mga tauhan sa binasang alamat ay nagtala ng mean na 37 at standard deviation na 7.77, samantalang ang Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa alamat ay may mean na 36 at standard deviation na 6.47. Ang pinakamababang resulta naman ay naitala sa kompetensiyang Naipapaliwanag ang mga mahahalagang pangyayari sa alamat na may mean na 35 at standard deviation na 5.02. Ang mga resultang ito ay nagpapakita na bago gamitin ang Reader-Response Approach, ang mga mag-aaral ay hindi pa nakapagpapamalas ng sapat na antas ng pag-unawa sa mga aspektong sinusukat sa pag-aaral.

Ipinahihiwatig ng natuklasang ito na ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo na ginagamit sa pagtalakay ng alamat ay maaaring hindi sapat upang malinang ang mas mataas na antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Bagama’t may kakayahan silang makilala ang ilang tauhan at matukoy ang ilang pangyayari sa akda, nananatiling limitado ang kanilang kakayahan sa mas malalim na pagproseso ng impormasyon, lalo na sa pagpapaliwanag at pagbibigay-kahulugan sa mahahalagang pangyayari. Makikita ito sa pinakamababang mean na naitala sa kompetensiyang may kinalaman sa pagpapaliwanag, na isang kasanayang nangangailangan ng mas mataas na antas ng pag-iisip at pag-unawa.

Higit pa rito, ipinahihiwatig ng resulta na maaaring nakatuon lamang ang mga mag-aaral sa pag-alala ng impormasyon sa halip na sa masusing pagsusuri at interpretasyon ng binasang akda. Dahil dito, nahihirapan silang magbigay ng sariling pagpapakahulugan sa mga pangyayari at mensaheng nakapaloob sa alamat. Ipinakikita rin nito na may kakulangan sa mga estratehiyang nagbibigay-daan sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa proseso ng pagbasa at pagkatuto.

Ang pagkakaroon ng 100% ng mga respondente sa antas na Nagsisimula (Beginning) ay nagpapahiwatig din na ang suliranin sa pag-unawa ng alamat ay hindi lamang nararanasan ng iilang mag-aaral kundi isang pangkalahatang hamon sa buong pangkat. Nangangahulugan ito na kinakailangan ang sistematiko at komprehensibong interbensiyong pampagtuturo upang matugunan ang mababang antas ng kanilang pag-unawa. Ang resulta ay nagsisilbing malinaw na indikasyon na may pangangailangang baguhin o paunlarin ang kasalukuyang pamamaraan ng pagtuturo upang maging mas makabuluhan at interaktibo ang pagtuturo.

Ipinahihiwatig din ng pagkakaiba ng mga mean sa bawat kompetensi na mas nagiging mahirap para sa mga mag-aaral ang mga gawaing nangangailangan ng mas mataas na antas ng pag-unawa. Habang mas mataas ang resulta sa pagbanggit ng mga tauhan, bahagyang

ISSN 3028-0877 | e-ISSN 3155-6043 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

bumababa ito sa pagtukoy ng mahahalagang pangyayari at lalo pang bumababa sa pagpapaliwanag ng mga ito. Ang ganitong padron ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay higit na mahusay sa mga gawaing nangangailangan ng simpleng pag-alala ng impormasyon kaysa sa mga gawaing nangangailangan ng pagsusuri, interpretasyon, at kritikal na pag-iisip.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng mga natuklasan na may pangangailangang gumamit ng mas epektibo at makabagong estratehiya sa pagtuturo ng panitikan upang mapaunlad ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa alamat. Ang mababang antas ng kanilang paunang pagganap ay nagpapakita na kinakailangan ang mga pamamaraang magbibigay ng pagkakataon sa kanila na makapagpahayag ng sariling pananaw, makapag-ugnay ng personal na karanasan sa binasang akda, at makabuo ng mas malalim na kahulugan mula sa teksto. Sa ganitong konteksto, nagiging mahalaga ang paggamit ng Reader-Response Approach bilang isang estratehiyang maaaring makatulong sa pagpapataas ng antas ng kanilang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan.

Panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 7 sa pag-unawa ng alamat gamit ang reader- response approach

Inilalahad sa bahaging ito ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 7 sa pag-unawa ng alamat matapos gamitin ang Reader-Response Approach bilang estratehiya sa pagtuturo. Isinagawa ang pagtatasa upang masukat ang antas ng kanilang pag-unawa batay sa mga itinakdang kompetensi, kabilang ang pag-isa-isa ng mga tauhan, pagtukoy ng mahahalagang pangyayari, at pagpapaliwanag ng mga mahahalagang pangyayari sa binasang alamat.

Makikita sa talahanayan 2 ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 7 sa pag-unawa ng alamat matapos gamitin ang Reader-Response Approach. Batay sa resulta, lahat ng animnapung (60) mag-aaral o 100% ng mga respondente ay kabilang pa rin sa antas na Nagsisimula (Beginning) sa tatlong kompetensiyang sinukat. Gayunpaman, kapansin-pansin ang pagtaas ng kanilang mga mean na marka kumpara sa kanilang paunang pagganap, na nagpapakita ng pag-unlad sa kanilang pag-unawa sa alamat matapos ang implementasyon ng estratehiya.

Sa kompetensiyang Naiisa-isa ang mga tauhan sa binasang alamat, nakapagtala ang mga mag-aaral ng mean na 63 at standard deviation na 7.01, na may berbal na paglalarawang Nagsisimula (Beginning) batay sa itinakdang pamantayan ng pag-aaral. Bagama't nanatili sa antas na Beginning ang pangkalahatang pagganap, makikita sa resulta na mas mataas ang nakuhang mean kumpara sa paunang pagtataya na 37. Ipinahihiwatig nito na nagkaroon ng pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral matapos mailapat ang Reader-Response Approach. Ang pagtaas na ito ay nagpapakita ng pag-unlad sa kanilang kakayahang makilala, matandaan, at maiisa-isa ang mga tauhang mahalaga sa binasang alamat.

Mahalaga ang kasanayang ito sapagkat ang pagkilala sa mga tauhan ay isang pangunahing bahagi ng pag-unawa sa isang akdang pasalaysay tulad ng alamat. Sa pamamagitan ng pagkilala sa mga tauhan, mas nagiging malinaw sa mga mag-aaral kung sino-sino ang gumaganap sa kuwento, ano ang kanilang ginagampanang papel, at paano sila nauugnay sa mahahalagang pangyayari. Gayunman, ang resulta ay nagpapakita na bagama't nagkaroon ng pag-unlad, kailangan pa rin ng mga mag-aaral ng higit na paggabay upang maging mas matatag at ganap ang kasanayang ito. Hindi sapat na matukoy lamang ang pangalan ng mga tauhan; mahalaga ring maunawaan ang kanilang papel, katangian, kilos, at kaugnayan sa mga pangyayari sa alamat.

Ang paggamit ng Reader-Response Approach ay maaaring nakatulong sa prosesong ito dahil binibigyan nito ang mga mag-aaral ng pagkakataong aktibong makilahok sa pagbasa at pagtalakay ng akda. Sa halip na maging tagatanggap lamang ng impormasyon, nahihikayat silang magbigay ng sariling reaksiyon, magtanong, magbahagi ng pananaw, at iugnay ang kanilang mga karanasan sa binasang alamat. Sa ganitong proseso, mas nagiging makabuluhan ang pagkilala sa mga tauhan sapagkat hindi lamang nila inaalala kung sino ang mga tauhan, kundi sinusubukan din nilang unawain ang kanilang kilos at papel sa pagbuo ng kuwento.

Samantala, ang standard deviation na 7.01 ay nagpapakita na may pagkakaiba-iba sa mga nakuhang marka ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, bagama't nakapaloob ang pangkalahatang pagganap sa antas na Beginning, hindi nangangahulugang magkakapareho ang antas ng kakayahan ng bawat respondente. May mga mag-aaral na maaaring mas mahusay sa pagkilala at pagbanggit ng mga tauhan, samantalang mayroon ding nangangailangan pa ng karagdagang gabay at pagsasanay. Dahil dito, mahalagang ipagpatuloy ang paggamit ng mga gawaing nagbibigay ng pagkakataon sa indibidwal na pag-iisip, talakayan, pagbabahagi ng interpretasyon, at pagbabalik sa mahahalagang bahagi ng teksto.

Sa kabuuan, ang resulta sa kompetensiyang ito ay nagpapakita ng pagtaas ng pagganap ng mga mag-aaral mula sa paunang mean na 37 tungo sa panghuling mean na 63. Bagama't nananatili ang kanilang pangkalahatang antas sa Beginning batay sa itinakdang pamantayan, mahalagang kilalanin ang positibong pagbabago sa kanilang pagganap. Ipinakikita nito na ang Reader-Response Approach ay maaaring magsilbing makabuluhang estratehiya upang higit na mapaunlad ang pagkilala sa mga tauhan at magsilbing pundasyon sa mas mataas na antas ng pag-unawa, pagsusuri, at pagpapakahulugan sa mga pangyayari sa alamat.

Samantala, sa kompetensiyang Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa alamat, nakapagtala ang mga mag-aaral ng mean na 67 at standard deviation na 6.71, na may berbal na paglalarawang Nagsisimula (Beginning) batay sa itinakdang pamantayan ng pag-aaral. Kung ihahambing sa paunang pagtataya na may mean na 36, makikita ang malinaw na pagtaas ng marka sa 67 matapos maisagawa ang interbensiyon gamit ang Reader-Response Approach. Ipinahihiwatig nito na nagkaroon ng pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral na makilala at matukoy ang mahahalagang pangyayari na bumubuo sa kabuuang daloy o banghay ng alamat.

Mahalaga ang kasanayang ito sapagkat ang pagtukoy sa mahahalagang pangyayari ay mahalagang hakbang tungo sa mas malalim na pag-unawa sa isang akdang pampanitikan. Sa pagbabasa ng alamat, kinakailangang matukoy ng mga mag-aaral kung alin sa mga pangyayari ang mahalaga sa pagsisimula, pag-unlad, at pagtatapos ng kuwento. Sa pamamagitan nito, mas mauunawaan nila kung paano magkakaugnay ang mga pangyayari at kung paano nakaaapekto ang isang pangyayari sa kasunod na bahagi ng alamat. Ang pagtaas ng mean ay nagpapakita na mas naging malinaw sa mga mag-aaral ang mahahalagang bahagi ng tekstong kanilang binasa.

Ang pag-unlad na ito ay maaaring maiugnay sa paraan ng pagpapatupad ng Reader-Response Approach, partikular sa Aktibong Pagbasa at Personal na Reaksyon at Talakayan. Sa aktibong pagbasa, hinihikayat ang mga mag-aaral na bigyang-pansin ang mahahalagang bahagi ng teksto, magtala ng kanilang mga tanong, reaksiyon, at hinuha habang nagbabasa. Samantala, sa talakayan, nabibigyan sila ng pagkakataong ibahagi kung aling mga pangyayari ang kanilang itinuturing na mahalaga at ipaliwanag kung bakit. Sa ganitong proseso, hindi lamang nila basta inaalala ang mga pangyayari, kundi natututo silang kilalanin ang kahalagahan ng bawat pangyayari batay sa konteksto ng alamat.

Mahalaga rin ang pagkakaroon ng sariling reaksiyon at interpretasyon ng mga mag-aaral sapagkat nagiging mas aktibo ang kanilang pakikilahok sa proseso ng pagbasa. Kapag naiuugnay nila ang mga pangyayari sa kanilang sariling karanasan, kaalaman, o pananaw, nagiging mas makabuluhan para sa kanila ang tekstong binabasa. Dahil dito, mas nagiging

ISSN 3028-0877 | e-ISSN 3155-6043 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

madali para sa kanila na matukoy kung aling mga pangyayari ang may mahalagang ambag sa pagbuo ng banghay at mensahe ng alamat.

Samantala, ang standard deviation na 6.71 ay nagpapakita na may pagkakaiba-iba sa mga marka ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, bagama't ang pangkalahatang pagganap ay nasa antas na Beginning, hindi pare-pareho ang antas ng kanilang kakayahan sa pagtukoy ng mahahalagang pangyayari. May ilang mag-aaral na maaaring mas mabilis na nakatutukoy ng mahahalagang pangyayari, samantalang ang iba ay nangangailangan pa ng karagdagang gabay, tanong na gumagabay, at mga gawaing nakatuon sa pagsusunod-sunod at pag-uugnay ng mga pangyayari.

Sa kabuuan, ang pagtaas ng mean mula 36 sa paunang pagtataya tungo sa 67 sa panghuling pagtataya ay nagpapakita ng positibong pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagtukoy ng mahahalagang pangyayari sa alamat. Gayunman, dahil nananatili pa rin sila sa antas na Beginning batay sa itinakdang pamantayan, ipinakikita nito na kinakailangan pa ang patuloy na pagsasanay at paggabay upang higit na mapaunlad ang kasanayang ito. Sa ganitong paraan, ang Reader-Response Approach ay maaaring magsilbing mahalagang estratehiya hindi lamang sa pagtukoy ng mga pangyayari, kundi bilang pundasyon sa mas mataas na antas ng pag-unawa, pagsusuri, interpretasyon, at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan.

Pinakamataas naman ang naitalang mean sa kompetensiyang Naipapaliwanag ang mga mahahalagang pangyayari sa alamat, na may mean na 74 at standard deviation na 6.16, na may berbal na paglalarawang Nagsisimula (Beginning) batay sa itinakdang pamantayan ng pag-aaral. Kung ihahambing sa paunang pagtataya na may mean na 35, makikita ang pinakamalaking pagtaas sa tatlong sinukat na kompetensiya. Ipinahihiwatig nito na matapos mailapat ang Reader-Response Approach, mas napaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahang hindi lamang tukuyin ang mahahalagang pangyayari sa alamat, kundi ipaliwanag kung ano ang kahulugan ng mga ito, bakit mahalaga ang mga ito, at kung paano nauugnay ang mga ito sa kabuuang daloy at mensahe ng akda.

Ang pagpapaliwanag ng mahahalagang pangyayari ay mas malalim na kasanayan kumpara sa simpleng pagkilala o pagtukoy sa mga ito. Sa kasanayang ito, inaasahang maipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang sariling pag-unawa sa isang pangyayari, maipaliwanag ang kaugnayan nito sa iba pang bahagi ng kuwento, at matukoy ang epekto nito sa mga tauhan at sa pagbuo ng banghay. Dahil dito, ang pagtaas ng mean mula 35 tungo sa 74 ay nagpapakita ng malaking pagbabago sa kanilang pagganap. Ipinakikita rin nito na mas naging aktibo ang mga mag-aaral sa pagbibigay ng paliwanag at pagpapakahulugan sa mga pangyayaring kanilang nabasa.

Maaaring maiugnay ang pag-unlad na ito sa katangian ng Reader-Response Approach na nagbibigay-halaga sa sariling karanasan, damdamin, pananaw, at interpretasyon ng mambabasa. Sa halip na umasa lamang sa paliwanag ng guro, binibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong mag-isip at bumuo ng sariling kahulugan mula sa kanilang binasa. Sa pamamagitan ng Aktibong Pagbasa, natututuhan nilang bigyang-pansin ang mahahalagang detalye at pangyayari sa alamat. Sa Personal na Reaksyon at Talakayan, naibabahagi nila ang kanilang mga saloobin at interpretasyon hinggil sa mga pangyayari. Samantala, sa Pagpapalalim at Sintesis, nagkakaroon sila ng pagkakataong pag-ugnayin ang kanilang mga natutuhan at bumuo ng mas malinaw na pag-unawa sa kabuuan ng akda.

Mahalaga rin ang pagkakaroon ng pagkakataon ng mga mag-aaral na maiugnay ang mga pangyayari sa kanilang sariling karanasan. Halimbawa, kapag iniuugnay nila ang isang suliranin, pasya, o karanasan ng tauhan sa isang katulad na sitwasyong kanilang naranasan o nasaksihan, nagiging mas makabuluhan ang kanilang pagbasa. Sa ganitong paraan, ang alamat ay hindi lamang tinitingnan bilang isang tekstong kailangang basahin at sagutin, kundi bilang

isang akdang maaaring pagnilayan at maiugnay sa tunay na buhay. Ang ganitong proseso ay maaaring nakatulong upang mas malinaw nilang maipahayag ang kanilang sariling pagpapakahulugan sa mahahalagang pangyayari.

Kapansin-pansin din ang standard deviation na 6.16, na siyang pinakamababa sa tatlong kompetensiyang sinukat. Ipinahihiwatig nito na mas magkakalapit ang mga marka ng mga mag-aaral sa kasanayang pagpapaliwanag ng mahahalagang pangyayari kumpara sa iba pang kompetensiya. Sa madaling salita, mas magkakatulad ang naging antas ng kanilang pagganap sa aspektong ito. Gayunman, hindi nangangahulugan ang mababang standard deviation na mataas na agad ang antas ng pagganap ng lahat ng mag-aaral. Ipinakikita lamang nito na mas maliit ang pagkakaiba-iba ng kanilang mga marka sa loob ng kompetensiyang ito. Dahil dito, maaaring sabihing nagkaroon ng higit na pagkakapareho sa naging pagganap ng pangkat sa pagpapaliwanag ng mga mahahalagang pangyayari.

Kung ihahambing, ang standard deviation na 7.01 sa kompetensiyang Naiisa-isa ang mga tauhan sa binasang alamat ay bahagyang mas mataas kaysa sa 6.16. Ipinakikita nito na mas malaki nang kaunti ang pagkakaiba-iba ng mga marka ng mga mag-aaral sa pagkilala at pag-isa-isa ng mga tauhan. Samantala, ang standard deviation na 6.71 sa pagtukoy ng mahahalagang pangyayari ay nasa pagitan ng dalawang nabanggit na halaga. Ipinakikita nito na may pagkakaiba rin sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa kasanayang ito, ngunit hindi kasinglawak ng pagkakaiba sa kompetensiyang pag-isa-isa ng mga tauhan.

Mahalagang tingnan ang tatlong resulta bilang magkakaugnay na kasanayan. Ang pag-isa-isa ng mga tauhan, pagtukoy sa mahahalagang pangyayari, at pagpapaliwanag sa mga mahahalagang pangyayari ay magkakasunod na hakbang tungo sa mas malalim na pag-unawa sa alamat. Kapag nakikilala ng mga mag-aaral ang mga tauhan at natutukoy ang mahahalagang pangyayari, nagkakaroon sila ng pundasyon upang maipaliwanag ang kahulugan, kaugnayan, at kahalagahan ng mga pangyayari sa akda. Sa resulta ng pag-aaral, pinakamataas ang mean sa ikatlong kompetensiya, na nagpapakita ng malaking pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral na magpaliwanag at magbigay-kahulugan sa binasang alamat.

Samakatuwid, ang pagtaas ng mean mula 35 sa paunang pagtataya tungo sa 74 sa panghuling pagtataya ay nagpapakita ng pinakamalaking pagbabago sa tatlong kompetensiya. Bagama't nananatiling Nagsisimula (Beginning) ang berbal na paglalarawan batay sa itinakdang pamantayan ng pag-aaral, malinaw na may positibong pagbabago sa aktuwal na marka ng mga mag-aaral. Ipinakikita ng resulta na ang paggamit ng Reader-Response Approach ay nakatulong upang mabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong magbasa nang aktibo, magmuni-muni, magbahagi ng sariling reaksiyon, mag-ugnay ng karanasan, at bumuo ng sariling interpretasyon. Dahil dito, ang kompetensiyang Naipapaliwanag ang mga mahahalagang pangyayari sa alamat ay nagpakita ng pinakamataas na antas ng pagtaas sa pagganap at maaaring magsilbing mahalagang indikasyon ng pag-unlad ng mga mag-aaral sa mas malalim na pag-unawa at pagpapakahulugan sa akdang pampanitikan.

Mula sa mga nabanggit, bagama't nananatili sa antas na Nagsisimula (Beginning) ang mga mag-aaral batay sa itinakdang pamantayan ng pagmamarka, malinaw na nagkaroon ng pagtaas sa mean ng kanilang mga marka sa lahat ng tatlong kompetensiyang sinukat matapos gamitin ang Reader-Response Approach. Mula sa paunang mean na 37 sa kompetensiyang Naiisa-isa ang mga tauhan sa binasang alamat, tumaas ito sa 63; mula 36 tungo sa 67 naman sa Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa alamat; at mula 35 tungo sa 74 sa Naipapaliwanag ang mga mahahalagang pangyayari sa alamat. Ipinakikita ng mga pagbabagong ito na nagkaroon ng positibong pagbabago sa aktuwal na pagganap ng mga mag-aaral pagkatapos ng interbensiyon.

Kapansin-pansin na pinakamalaki ang pagtaas sa kompetensiyang Naipapaliwanag ang mga mahahalagang pangyayari sa alamat, na may pagtaas na 39 puntos, samantalang 31 puntos ang itinaas sa pagtukoy ng mahahalagang pangyayari at 26 puntos naman sa pag-isa-isa ng mga

ISSN 3028-0877 | e-ISSN 3155-6043 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

tauhan. Ipinahihiwatig nito na higit na umunlad ang mga mag-aaral sa pagbibigay ng paliwanag at sariling pagpapakahulugan sa mga pangyayari sa alamat. Maaaring maiugnay ito sa katangian ng Reader-Response Approach na nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na hindi lamang basahin at alalahanin ang nilalaman ng akda, kundi magbigay ng sariling reaksiyon, magbahagi ng pananaw, magmuni-muni, at maiugnay ang binasa sa kanilang sariling karanasan at kaalaman.

Ipinakikita rin ng mga resulta na ang Reader-Response Approach ay nakapagbibigay ng mas aktibong papel sa mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng Paghahanda, Aktibong Pagbasa, Personal na Reaksyon at Talakayan, at Pagpapalalim at Sintesis, nagkaroon sila ng pagkakataong makilahok sa pagbuo ng kahulugan mula sa tekstong kanilang binasa. Sa halip na nakatuon lamang sa pagkuha ng tamang sagot, hinihikayat silang mag-isip, magtanong, magpaliwanag, maghambing ng pananaw, at magbigay ng sariling interpretasyon. Ang ganitong proseso ay mahalaga sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa sa mga akdang pampanitikan.

Mahalaga ring bigyang-diin na ang pagiging Nagsisimula (Beginning) ng mga mag-aaral batay sa itinakdang pamantayan ay hindi nangangahulugang walang naging pag-unlad sa kanilang pagganap. Sa halip, ipinakikita ng paghahambing ng paunang at panghuling resulta na malaki ang naging pagbabago sa kanilang mga nakuhang marka, bagama't hindi pa umabot ang mga ito sa susunod na antas ayon sa pamantayang ginamit sa pag-aaral. Dahil dito, ipinahihiwatig ng mga resulta na kinakailangan pa rin ang patuloy na pagsasanay, paggabay, at paggamit ng angkop na mga gawaing pampagkatuto upang higit na mapatatag ang kanilang mga kasanayan sa pag-unawa, pagsusuri, at pagpapaliwanag ng mga akdang pampanitikan.

Bukod dito, ang mga resulta ng tatlong kompetensiya ay nagpapakita ng unti-unting pag-unlad mula sa pagkilala tungo sa mas mataas na antas ng pag-unawa. Ang pag-isa-isa sa mga tauhan ay nagsisilbing pundasyon upang makilala ng mga mag-aaral ang mga gumaganap sa kuwento. Ang pagtukoy sa mahahalagang pangyayari naman ay tumutulong upang maunawaan nila ang daloy at banghay ng alamat. Samantala, ang pagpapaliwanag sa mga pangyayaring ito ay nangangailangan ng higit na pag-iisip at pagpapakahulugan sapagkat kailangang maipaliwanag ng mag-aaral ang kahalagahan at kaugnayan ng mga pangyayari sa kabuuan ng akda. Ang mas mataas na mean sa ikatlong kompetensiya ay nagpapakita ng pag-unlad sa ganitong mas malalim na kasanayan.

Sa madaling sabi, ipinakikita ng mga resulta na ang Reader-Response Approach ay may positibong kaugnayan sa pagtaas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng alamat, partikular sa tatlong kompetensiyang sinukat. Ang pagtaas ng kanilang mga mean ay nagpapakita ng pagbabago sa kanilang pagganap matapos ang interbensiyon, habang ang positibong pagbabago sa bawat kompetensiya ay nagbibigay ng batayan upang isaalang-alang ang paggamit ng naturang estratehiya sa pagtuturo ng alamat at iba pang akdang pampanitikan. Gayunman, dahil nananatili pa rin sa antas na Beginning ang kanilang berbal na paglalarawan, mahalagang ipagpatuloy ang mga gawaing nakatuon sa aktibong pagbasa, repleksiyon, talakayan, interpretasyon, at pag-uugnay ng teksto sa sariling karanasan upang higit pang mapaunlad at mapatatag ang kanilang pag-unawa.

Ayon kina Castillo at Hernandez (2024), ang paggamit ng Catch-Up Fridays bilang interbensiyon sa pagbasa ng mga akdang pampanitikan sa Filipino ay nagdulot ng pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto. Natuklasan nila na ang mga gawaing nakatuon sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral ay nakatutulong upang higit nilang maunawaan ang mga akdang pampanitikan. Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan tumaas ang pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng alamat matapos gamitin ang Reader-Response Approach.

Pinagtibay naman ni Panes-Arenga (2021) na ang paggamit ng Visible Thinking Routine sa pagtuturo ng panitikan ay nagbunga ng makabuluhang pagtaas sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Ipinakita ng kaniyang pag-aaral na ang mga estratehiyang nagbibigay-daan sa masusing pag-iisip at pagproseso ng teksto ay nakatutulong sa pagpapabuti ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang natuklasang ito ay kaayon ng kasalukuyang pag-aaral na nagpakita ng pagtaas ng mga mean na marka matapos ang implementasyon ng Reader-Response Approach.

Ayon kay Sanggawa (2024), ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ay maaaring mapaunlad sa pamamagitan ng paggamit ng mga angkop na estratehiya sa pagtuturo at pagbasa. Ipinakita ng kaniyang pag-aaral na ang mga mag-aaral na nalalantad sa mas makabuluhang gawaing pampagkatuto ay nagkakaroon ng higit na kakayahang umunawa sa mga tekstong kanilang binabasa.

Sinang-ayunan ito ni Erie (2025) na nagsabing mahalaga ang paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa upang mapataas ang kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Binigyang-diin niya na ang mga gawaing nagpapalawak ng partisipasyon at pagpoproseso ng impormasyon ay nakatutulong sa pagpapahusay ng pag-unawa sa binasa.

Dagdag pa rito, natuklasan nina Casingal at Balaba (2026) na nagkaroon ng positibong pagbabago sa antas ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pre-test at post-test na pagsusuri gamit ang PHIL-IRI. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang tuloy-tuloy na paggamit ng mga interbensiyong pampagkatuto ay nakatutulong sa pagpapataas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa.

Sa pag-aaral naman nina Familgan et al. (2024), lumabas na ang mga programang nakatuon sa pagpapaunlad ng pagbasa ay may positibong epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng teksto. Ipinakita ng kanilang resulta na ang mga interbensiyong pang-edukasyon ay nakatutulong upang mapaunlad ang pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral sa iba't ibang uri ng babasahin.

Kaugnay sa mga nilalahad, nagpapatunay na ang paggamit ng mga makabago at interaktibong estratehiya sa pagtuturo ay nakatutulong sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinakita ng kanilang mga natuklasan na ang mga interbensiyong nagbibigay-daan sa aktibong pakikilahok, kritikal na pag-iisip, at personal na pagproseso ng impormasyon ay nagdudulot ng positibong pagbabago sa pagkatuto. Ang mga resultang ito ay umaayon sa natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral kung saan tumaas ang pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng alamat matapos gamitin ang Reader-Response Approach, lalo na sa kakayahang matukoy at maipaliwanag ang mahahalagang pangyayari sa akda.

Batay sa resulta ng panghuling pagtatasa, lumabas na nagkaroon ng pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 7 sa pag-unawa ng alamat matapos gamitin ang Reader-Response Approach. Bagama't ang mga mag-aaral ay nanatili pa rin sa antas na Nagsisimula (Beginning) batay sa itinakdang pamantayan ng pagmamarka, makikita ang malinaw na pagtaas ng kanilang mga marka mula sa paunang pagtatasa. Ang pagtaas ng mga mean mula 37 tungo sa 63 sa pag-isa-isa ng mga tauhan, mula 36 tungo sa 67 sa pagtukoy ng mahahalagang pangyayari, at mula 35 tungo sa 74 sa pagpapaliwanag ng mahahalagang pangyayari ay nagpapakita ng positibong epekto ng Reader-Response Approach sa kanilang pag-unawa ng alamat.

Ipinahihiwatig ng resulta na ang Reader-Response Approach ay nakatulong sa pagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral na makipag-ugnayan sa binasang teksto. Sa halip na maging tagatanggap lamang ng impormasyon, nabigyan sila ng pagkakataong magbigay ng sariling reaksiyon, opinyon, at pagpapakahulugan sa mga pangyayari sa alamat. Dahil dito, naging mas makabuluhan at mas personal ang kanilang karanasan sa pagbasa, na nagbunga ng pagtaas ng kanilang pagganap sa bawat kompetensiyang sinusukat.

Makikita rin sa resulta na ang pinakamataas na mean ay naitala sa kompetensiyang Naipapaliwanag ang mga mahahalagang pangyayari sa alamat na may markang 74. Ipinahihiwatig nito na naging mabisa ang Reader-Response Approach sa pagpapaunlad ng mas mataas na antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang kakayahang magpaliwanag ay nangangailangan ng pagsusuri, pag-uugnay ng mga ideya, at pagbibigay-kahulugan sa mga pangyayari, kaya ang pagtaas ng marka sa aspektong ito ay nagpapakita na ang estratehiya ay nakatulong sa paglinang ng kanilang kritikal at mapanuring pag-iisip.

Ipinahihiwatig din ng resulta na ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay higit na napauunlad kapag sila ay aktibong kalahok sa proseso ng pag-aaral. Ang mga gawaing nagpapahintulot sa kanila na magbahagi ng sariling karanasan, damdamin, at pananaw hinggil sa binasang alamat ay nakatulong upang higit nilang maunawaan ang nilalaman at mensahe ng akda. Dahil dito, nagkaroon sila ng mas malalim na koneksiyon sa tekstong kanilang binabasa.

Higit pa rito, ang patuloy na pag-angat ng mga marka sa lahat ng kompetensi ay nagpapahiwatig na ang Reader-Response Approach ay maaaring maging isang epektibong alternatibo sa tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo ng panitikan. Ipinakikita nito na ang mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pag-unawa, pagsusuri, at pagpapakahulugan ng mga akdang pampanitikan.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang Reader-Response Approach ay may positibong impluwensiya sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa alamat. Bagama't hindi pa nila ganap na naabot ang mas mataas na antas ng pagganap, malinaw na nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa kanilang kakayahan matapos gamitin ang estratehiya. Dahil dito, maaaring isaalang-alang ng mga guro ang mas malawak at mas madalas na paggamit ng Reader-Response Approach sa pagtuturo ng panitikan upang higit pang mapaunlad ang kasanayan sa pag-unawa, pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ng mga mag-aaral at pagpapayabong nga panitikang lokal sa bansa.

Pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng alamat bago at pagkatapos gamitin ang reader-response approach

Inilahad sa bahaging ito ang pagsusuri sa pagkakaiba ng pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng alamat bago at pagkatapos gamitin ang Reader-Response Approach. Layunin nitong matukoy kung nagkaroon ng makabuluhang pagbabago sa kanilang kakayahan batay sa mga itinakdang kompetensi tulad ng pag-isa-isa ng mga tauhan, pagtukoy ng mahahalagang pangyayari, at pagpapaliwanag ng mahahalagang pangyayari sa alamat.

Batay sa talahanayan 3 ang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng alamat bago at pagkatapos gamitin ang Reader-Response Approach. Ang pagsusuri ay isinagawa gamit ang t-test upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pagganap batay sa tatlong kompetensiyang sinusukat. Batay sa resulta, ang lahat ng kompetensi ay nagtala ng p-value na mas mababa sa 0.001, na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng implementasyon ng Reader-Response Approach. Dahil dito, ang haypotesis na walang makabuluhang pagkakaiba (H_0) ay tinanggihan sa lahat ng kompetensi.

Sa kompetensiyang Naiisa-isa ang mga tauhan sa binasang alamat, nakapagtala ng mean difference na 26.7, may 59 na degrees of freedom (df), at t-value na 24.1. Ang p-value na mas mababa sa 0.001 ay nagpapakita na ang pagtaas ng marka ng mga mag-aaral mula sa paunang pagtatasa hanggang sa panghuling pagtatasa ay hindi lamang dulot ng pagkakataon kundi isang makabuluhang pagbabago. Ipinahihiwatig nito na naging epektibo ang

Reader-Response Approach sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral na makilala at maunawaan ang mga tauhang may mahalagang papel sa alamat.

Samantala, sa kompetensiyang Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa alamat, nakapagtala ng mean difference na 31.3 at t-value na 38.9. Ang mataas na t-value at napakababang p-value ay nagpapakita ng matibay na ebidensiya na nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral na matukoy ang mga pangunahing pangyayaring bumubuo sa banghay ng alamat. Ipinahihiwatig ng resulta na ang paggamit ng Reader-Response Approach ay nakatulong sa mga mag-aaral upang higit nilang maunawaan ang pagkakasunod-sunod at kahalagahan ng mga pangyayari sa akda.

Pinakamataas naman ang naitalang mean difference na 39.5 sa kompetensiyang Naipapaliwanag ang mga mahahalagang pangyayari sa alamat, na may t-value na 39.8. Ito rin ang may pinakamataas na antas ng pagbabago sa tatlong kompetensiyang sinukat. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang Reader-Response Approach ay naging higit na mabisa sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral na magpaliwanag, magsuri, at magbigay ng sariling pagpapakahulugan sa mga mahahalagang pangyayari sa alamat. Ipinakikita nito na ang estratehiya ay hindi lamang nakatulong sa simpleng pag-alala ng impormasyon kundi maging sa paglinang ng mas mataas na antas ng pag-unawa at kritikal na pag-iisip.

Kapansin-pansin na ang lahat ng t-value na nakuha ay napakataas, mula 24.1 hanggang 39.8, na nagpapakita ng malakas na epekto ng interbensiyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pare-parehong p-value na mas mababa sa 0.001 ay higit pang nagpapatunay na ang mga pagbabagong naitala sa kanilang pagganap ay estadistikal na makabuluhan. Nangangahulugan ito na ang pagtaas ng kanilang mga marka matapos gamitin ang Reader-Response Approach ay may sapat na batayang estadistikal upang maituturing na tunay na pagbabago sa kanilang antas ng pag-unawa.

Sa kabuuan, malinaw na ipinakikita ng resulta na may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng alamat bago at pagkatapos gamitin ang Reader-Response Approach. Ang pagtanggi sa lahat ng null hypothesis at ang pagkakaroon ng estadistikal na makabuluhang resulta sa lahat ng kompetensi ay nagpapatunay na ang Reader-Response Approach ay naging mabisa sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-isa-isa ng mga tauhan, pagtukoy ng mahahalagang pangyayari, at pagpapaliwanag ng mga ito. Samakatuwid, maaaring ituring ang Reader-Response Approach bilang isang epektibong estratehiya sa pagtuturo ng alamat na nakatutulong sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino 7.

Ayon kay Panes-Arenga (2021), nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Visible Thinking Routine sa pagtuturo ng panitikan. Ipinakita ng kaniyang pag-aaral na ang paggamit ng estratehiyang nakasentro sa mag-aaral ay nagdulot ng pagtaas ng antas ng pag-unawa mula Developing tungo sa Proficient. Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa kasalukuyang pag-aaral kung saan nagkaroon din ng makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Reader-Response Approach.

Sinang-ayunan ito nina Caabay (2024) na natuklasang nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral matapos ang isang interbensiyong pampagbasa. Ipinakita ng kanilang pagsusuri na tumaas ang bilang ng mga mag-aaral na nasa mataas na antas ng pag-unawa at napatunayang may estadistikal na makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pagganap bago at pagkatapos ng interbensiyon. Ang resulta ay nagpapakita na ang mga estratehiyang nagbibigay-diin sa aktibong pagkatuto ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa binasa.

Ayon naman kina Casingal at Balaba (2026), ang mga interbensiyong nakabatay sa sistematikong pagtuturo ng pagbasa ay nagdudulot ng positibong pagbabago sa kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng malaking

pag-unlad matapos ang serye ng mga gawaing pampagbasa at pagsusuri gamit ang pre-test at post-test. Ang kanilang natuklasan ay umaayon sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpakita ng makabuluhang pagtaas ng mga marka matapos gamitin ang Reader-Response Approach.

Pinagtibay rin ito ng pag-aaral nina Cajefe (2024) na inilathala sa DepEd Region VIII Research Bulletin. Natuklasan nila na ang mga estratehiyang interbensiyon sa pagbasa ay nakapagpataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral na dating nasa mababang antas ng pagbasa. Ipinakita ng resulta na ang sistematikong paggamit ng mga gawaing nakatuon sa pag-unawa ay nakatutulong upang mapabuti ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pagbasa.

Ayon kay Erie (2025), may mahalagang papel ang paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Natuklasan niya na ang mga mag-aaral na nalalantad sa mga gawaing nagpapalawak ng pagproseso ng impormasyon at kritikal na pag-iisip ay nagpapakita ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa mga tekstong kanilang binabasa. Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa makabuluhang pagtaas ng pagganap ng mga mag-aaral sa kasalukuyang pag-aaral.

Dagdag pa rito, ipinakita sa pag-aaral nina Curammeng (2025) na ang paggamit ng digital storytelling ay nakatutulong sa pagpapataas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral ay higit na nakauunawa sa mga tekstong kanilang binabasa kapag gumagamit ng mga estratehiyang nagbibigay ng makabuluhang karanasan at aktibong partisipasyon sa pagkatuto. Ang resulta ay katulad ng natuklasan sa kasalukuyang pag-aaral kung saan nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa pag-unawa ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Reader-Response Approach.

Sa pag-aaral naman nina Segundo (2025), napatunayan na ang paggamit ng mga alternatibong pamamaraan ng pagtataya at pagtuturo ay nakapagpapataas ng antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng mas mataas na pagganap pagkatapos ng implementasyon ng interbensiyon, na nagpapatunay sa kahalagahan ng mga makabago at mag-aaral-sentrik na estratehiya sa pagkatuto.

Samakatuwid, nagpapatunay na ang paggamit ng mga interbensiyon at makabagong estratehiya sa pagtuturo ay nagdudulot ng makabuluhang pagtaas sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinakita ng kanilang mga natuklasan na ang mga gawaing nagbibigay-diin sa aktibong pakikilahok, kritikal na pag-iisip, at personal na pagproseso ng impormasyon ay nakapagpapataas ng pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga resultang ito ay sumusuporta sa kasalukuyang pag-aaral na nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng alamat bago at pagkatapos gamitin ang Reader-Response Approach, gaya ng pinatutunayan ng mataas na t-values, malaking mean differences, at p-value na mas mababa sa 0.001.

Batay sa resulta ng pagsusuri, lumabas na may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng alamat bago at pagkatapos gamitin ang Reader-Response Approach. Ito ay pinatutunayan ng mataas na mean differences na 26.7, 31.3, at 39.5 sa tatlong kompetensiyang sinusukat, gayundin ng mga t-values na 24.1, 38.9, at 39.8 na may p-value na mas mababa sa 0.001. Dahil dito, tinanggihan ang null hypothesis at napatunayang may estadistikal na makabuluhang pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Reader-Response Approach.

Ipinahihiwatig ng resulta na ang Reader-Response Approach ay naging epektibong estratehiya sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa alamat. Ang makabuluhang pagtaas ng kanilang mga marka ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay higit

na natututo kapag sila ay aktibong nakikilahok sa proseso ng pagbasa at nabibigyan ng pagkakataong magbigay ng sariling reaksiyon, pananaw, at interpretasyon sa binasang akda. Sa halip na maging tagatanggap lamang ng impormasyon, sila ay naging aktibong tagapagbuo ng kahulugan mula sa teksto.

Ipinahihiwatig din ng natuklasan na ang pag-unawa sa panitikan ay higit na napauunlad kapag ang mga mag-aaral ay nakapag-uugnay ng kanilang sariling karanasan, damdamin, at pananaw sa mga pangyayaring kanilang binabasa. Ang malaking pagtaas sa kompetensiyang "Naipapaliwanag ang mga mahahalagang pangyayari sa alamat," na nagtala ng pinakamataas na mean difference na 39.5, ay nagpapakita na ang Reader-Response Approach ay hindi lamang nakatulong sa pag-alala ng impormasyon kundi maging sa paglinang ng mas mataas na antas ng pag-iisip tulad ng pagsusuri, interpretasyon, at pagpapakahulugan.

Higit pa rito, ipinahihiwatig ng resulta na ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo ay maaaring hindi sapat upang malinang ang mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan. Ang pagkakaroon ng makabuluhang pagtaas sa lahat ng kompetensiyang sinusukat matapos gamitin ang Reader-Response Approach ay nagpapakita na ang mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral ay mas nakatutugon sa kanilang pangangailangan sa pagkatuto kumpara sa mga pamamaraang nakasentro lamang sa guro.

Ang resulta ay nagpapahiwatig din na mahalagang isama sa pagtuturo ng panitikan ang mga gawaing humihikayat sa mga mag-aaral na magtanong, magbigay ng opinyon, magbahagi ng karanasan, at magpahayag ng sariling interpretasyon sa mga akdang kanilang binabasa. Sa pamamagitan nito, nagiging mas makabuluhan ang pagkatuto at mas napauunlad ang kanilang kakayahan sa pag-unawa at kritikal na pag-iisip.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang Reader-Response Approach ay isang mabisang estratehiya sa pagtuturo ng alamat sa Filipino 7. Ang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang estratehiya ay nagpapatunay na ang pagbibigay-halaga sa aktibong partisipasyon at personal na pagtugon ng mga mag-aaral sa teksto ay nakatutulong sa pagpapataas ng kanilang antas ng pag-unawa. Samakatuwid, maaaring gamitin ang Reader-Response Approach bilang isang epektibong alternatibo o karagdagang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan upang higit na mapaunlad ang pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Saloobin ng mga respondenteng mag-aaral sa pagtuturo gamit ang reader-response approach sa pag-unawa ng alamat

Inilalahad sa bahaging ito ang saloobin ng mga respondenteng mag-aaral hinggil sa paggamit ng Reader-Response Approach sa pagtuturo ng alamat sa Filipino 7. Layunin nitong matukoy ang kanilang pananaw, damdamin, at pagtanggap sa nasabing estratehiya bilang paraan ng pagkatuto at pag-unawa sa mga akdang pampanitikan.

Mahalagang masuri ang saloobin ng mga mag-aaral sapagkat ito ay isa sa mga salik na maaaring makaapekto sa kanilang motibasyon, interes, at antas ng pakikilahok sa mga gawaing pampagkatuto. Sa pamamagitan ng kanilang mga tugon, mabibigyang-linaw kung paano nakatulong ang Reader-Response Approach sa pagpapadali ng kanilang pag-unawa sa alamat, pagpapahayag ng sariling pananaw, at pag-uugnay ng personal na karanasan sa mga pangyayaring nakapaloob sa akda.

Ang mga nakalap na datos ay magsisilbing batayan sa pagtataya ng pagiging katanggap-tanggap at pagiging epektibo ng Reader-Response Approach mula sa perspektibo ng mga mag-aaral. Bukod dito, makatutulong ang mga ito sa pagtukoy kung paano nakaimpluwensiya ang nasabing estratehiya sa kanilang interes, pakikilahok, at pag-unawa sa mga alamat.

Batay sa talahanayan 4, ang saloobin ng mga respondenteng mag-aaral hinggil sa paggamit ng Reader-Response Approach sa pag-unawa ng alamat. Batay sa mga resulta, lahat

ISSN 3028-0877 | e-ISSN 3155-6043 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

ng pahayag ay nagtamo ng berbal na paglalarawang Sumasang-ayon, na nagpapakita na positibo ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa nasabing estratehiya. Ipinahihiwatig nito na nakatulong ang Reader-Response Approach hindi lamang sa pagpapataas ng kanilang pag-unawa sa alamat kundi maging sa pagpapaunlad ng kanilang interes at motibasyon sa pag-aaral ng panitikan.

Pag-unawa sa alamat

Sa pahayag na "Nakatutulong ang Reader-Response Approach upang mas maunawaan ko ang mga tauhan sa alamat," nakapagtala ito ng mean na 3.77 at standard deviation na 0.65 na may berbal na paglalarawang Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na naniniwala ang mga mag-aaral na ang estratehiya ay nakatutulong sa kanila upang higit na makilala at maunawaan ang mga tauhang gumaganap sa alamat. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magbigay ng sariling interpretasyon at reaksiyon sa kanilang binabasa, nagiging mas malinaw sa kanila ang mga katangian, damdamin, at papel ng mga tauhan sa pag-unlad ng kuwento. Ang mababang standard deviation ay nagpapakita rin na halos magkakatulad ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa pahayag na ito.

Sa pahayag na Mas malinaw kong natutukoy ang mahahalagang pangyayari sa alamat gamit ang paraang ito, nakakuha ito ng mean na 3.87 at standard deviation na 0.68 na may berbal na paglalarawang Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na nakatulong ang Reader-Response Approach upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mahahalagang pangyayaring bumubuo sa banghay ng alamat. Sa pamamagitan ng mga talakayan at gawaing nagpapahintulot sa kanila na suriin ang kanilang binabasa, nagiging mas malinaw sa kanila kung alin sa mga pangyayari ang mahalaga at kung paano ito nakaaapekto sa kabuuang daloy ng kuwento.

Samantala, ang pahayag na Napalalalim ng Reader-Response Approach ang aking pagpapaliwanag sa mga pangyayari sa kuwento ay nakapagtala ng mean na 3.78 at standard deviation na 0.80. Ang resulta ay nagpapakita na sumasang-ayon ang mga mag-aaral na ang estratehiya ay nakatutulong upang higit nilang maipaliwanag at mabigyang-kahulugan ang mga pangyayaring nagaganap sa alamat. Hindi lamang sila nakatuon sa simpleng pag-alala ng impormasyon kundi nagagawa rin nilang suriin ang dahilan, epekto, at kahalagahan ng mga pangyayari sa kuwento. Ang bahagyang mas mataas na standard deviation ay nagpapahiwatig na may kaunting pagkakaiba-iba sa antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral, subalit nananatiling positibo ang kanilang pananaw.

Sa pahayag na Mas nauunawaan ko ang simbolismo at aral ng alamat dahil sa paraang ito, nakapagtala ito ng mean na 3.95 at standard deviation na 0.72. Ito ang ikalawang pinakamataas na marka sa aspekto ng pag-unawa sa alamat. Ipinahihiwatig nito na ang Reader-Response Approach ay nakatulong sa mga mag-aaral na maunawaan hindi lamang ang mga tahasang pangyayari sa alamat kundi maging ang mga nakatagong kahulugan, simbolismo, at aral na nais ipabatid ng akda. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng personal na interpretasyon at pag-uugnay ng sariling karanasan sa binasang teksto, mas napalalim ang kanilang pag-unawa sa mga mensaheng nakapaloob sa alamat.

Pinakamataas naman ang naitalang mean na 4.05 at standard deviation na 0.65 sa pahayag na Nakatutulong ang repleksyon at talakayan sa pagpapalalim ng aking pag-unawa sa alamat. Ang resultang ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay lubos na naniniwala na ang mga gawaing may repleksyon at talakayan ay mahalagang bahagi ng kanilang pagkatuto. Ipinahihiwatig nito na mas nagiging makabuluhan ang kanilang pag-unawa kapag nabibigyan sila ng pagkakataong magbahagi ng opinyon, makinig sa pananaw ng kanilang mga kamag-

aral, at magnilay sa kanilang natutuhan. Ang mataas na marka ay nagpapakita na ang kolaboratibo at mapagnilay na pagkatuto ay isa sa mga pinakamahalagang katangian ng Reader-Response Approach.

Sa kabuuan, ang aspekto ng pag-unawa sa alamat ay nagtamo ng kabuuang mean na 3.88 at standard deviation na 0.70 na may berbal na paglalarawang Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa kakayahan ng Reader-Response Approach na mapalalim ang kanilang pag-unawa sa mga tauhan, pangyayari, simbolismo, at aral na nakapaloob sa alamat.

Interes at motibasyon sa pagbabasa

Sa pahayag na Mas naging kawili-wili ang pagbasa ng alamat dahil sa Reader-Response Approach, nakapagtala ito ng mean na 3.93 at standard deviation na 0.71. Ipinahihiwatig nito na ang estratehiya ay nakatulong upang maging mas kawili-wili at kaaya-aya ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng alamat. Sa halip na maging isang karaniwang gawaing pangklase, ang pagbasa ay naging mas makahulugan at nakaaaliw dahil sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.

Ang pahayag na Nakahihikayat sa akin ang pagbabahagi ng personal na karanasan sa talakayan ay nakakuha ng mean na 3.48 at standard deviation na 0.60. Bagama't ito ang pinakamababang marka sa buong talahanayan, nananatili pa rin itong may berbal na paglalarawang Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na may ilang mag-aaral na maaaring nahihiya o hindi pa ganap na komportable sa pagbabahagi ng kanilang personal na karanasan. Gayunpaman, kinikilala pa rin nila na ang gawaing ito ay nakatutulong sa kanilang pag-unawa at pakikilahok sa talakayan.

Sa pahayag na Nagiging mas aktibo ako sa klase kapag ginagamit ang paraang ito, nakapagtala ito ng mean na 3.83 at standard deviation na 0.72. Ipinahihiwatig nito na ang Reader-Response Approach ay nakapagpapataas ng partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase. Dahil hinihikayat silang magbigay ng sariling opinyon at interpretasyon, mas nagiging handa silang makilahok sa mga gawain at talakayan.

Samantala, ang pahayag na Mas nagiging tiwala ako sa pagbibigay ng sariling interpretasyon sa alamat ay may mean na 3.78 at standard deviation na 0.74. Ipinahihiwatig nito na ang estratehiya ay nakatutulong sa paglinang ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang sariling pananaw. Dahil walang iisang tamang sagot sa maraming gawain sa Reader-Response Approach, mas nagiging bukas sila sa pagbabahagi ng kanilang ideya at interpretasyon.

Pinakamataas naman ang naitalang mean na 4.10 at standard deviation na 0.73 sa pahayag na Nakatutulong ang Reader-Response Approach upang maging mas interesado ako sa pag-aaral ng panitikan. Ipinahihiwatig nito na ang estratehiya ay naging epektibo sa pagpapataas ng interes ng mga mag-aaral sa panitikan. Ang mataas na marka ay nagpapakita na ang paggamit ng mga gawaing nagbibigay-halaga sa personal na karanasan at interpretasyon ay nagiging dahilan upang mas maengganyo silang pag-aralan at pahalagahan ang mga akdang pampanitikan.

Ang aspekto ng interes at motibasyon sa pagbabasa ay nagtamo ng kabuuang mean na 3.83 at standard deviation na 0.70 na may berbal na paglalarawang Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang Reader-Response Approach ay hindi lamang nakatutulong sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa alamat kundi nakapagpapataas din ng kanilang interes, motibasyon, aktibong pakikilahok, at kumpiyansa sa pag-aaral ng panitikan.

Sa pangkalahatan, ang mga resulta ay nagpapakita na positibo ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Reader-Response Approach. Ang mataas na mga mean at positibong berbal na paglalarawan ay nagpapatunay na ang estratehiya ay nakatulong sa pagpapalalim ng

ISSN 3028-0877 | e-ISSN 3155-6043 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

kanilang pag-unawa sa alamat at sa pagpapaigting ng kanilang interes at motibasyon sa pagbasa. Dahil dito, maituturing na isang mabisa, katanggap-tanggap, at makabuluhang estratehiya ang Reader-Response Approach sa pagtuturo ng alamat sa Filipino 7.

Ayon kina Del Socorro (2024), may makabuluhang ugnayan ang positibong saloobin sa pagbasa at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Natuklasan sa pag-aaral na ang mga mag-aaral na may mas positibong pananaw sa pagbasa ay nagtataglay rin ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa mga tekstong kanilang binabasa. Ang natuklasang ito ay umaayon sa kasalukuyang pag-aaral kung saan nagpakita ang mga mag-aaral ng positibong saloobin sa paggamit ng Reader-Response Approach at sumang-ayon na nakatutulong ito sa kanilang pag-unawa sa alamat.

Pinagtibay naman nina Panday at Napil (2024) na ang mabubuting gawi sa pagbasa, kasanayan sa pag-aaral, at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng motibasyon sa pagkatuto. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na kapag mas mataas ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing pampagkatuto, mas mataas din ang kanilang interes at motibasyon sa pag-aaral ng wika. Ang natuklasang ito ay katulad ng resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan sumang-ayon ang mga mag-aaral na naging mas aktibo sila sa klase at mas naging interesado sa pag-aaral ng panitikan dahil sa Reader-Response Approach.

Ayon kina Dela Cruz at mga kasamahan (2024), ang saloobin sa pagbasa at motibasyon sa pagkatuto ay mahahalagang salik na nakaaapekto sa pag-unawa sa binasa. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na nagpapakita ng mataas na motibasyon ay higit na nakauunawa sa mga tekstong kanilang binabasa. Ang resulta ay sumusuporta sa natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral na ang Reader-Response Approach ay nakapagpapataas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral sa pagbasa ng alamat.

Samantala, ipinakita nina Vicente (2024) na ang paglinang ng kamalayang metakognitibo (metacognitive awareness) ay nakatutulong sa pagpapabuti ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Natuklasan nila na kapag ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng pagkakataong magnilay at suriin ang kanilang sariling pagkatuto, higit nilang nauunawaan ang kanilang binabasa. Ang natuklasang ito ay kaayon ng resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan ang repleksiyon at talakayan ay nakakuha ng pinakamataas na antas ng pagsang-ayon mula sa mga respondente.

Dagdag pa rito, natuklasan nina Mercado (2024) na may mahalagang kaugnayan ang paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa at pagganap sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral na gumagamit ng iba’t ibang estratehiya sa pagbasa ay nagtatamo ng mas mataas na pag-unawa sa teksto. Ito ay umaayon sa natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral na nagpapakita ng positibong pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng Reader-Response Approach bilang estratehiya sa pag-unawa ng alamat.

Ayon naman kina Barotas at mga kasamahan (2026), may positibong kaugnayan ang motibasyon sa pagbasa at saloobin ng mga mag-aaral sa paaralan. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na may mataas na motibasyon sa pagbasa ay nagpapakita rin ng mas positibong pananaw sa kanilang pag-aaral at mas mataas na antas ng pakikilahok sa mga gawaing pang-akademiko. Ang resulta ay sumusuporta sa natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral na nagpakita ng mataas na pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa pagiging kawili-wili sa Reader-Response Approach.

Sa pag-aaral naman nina Buot (2026), natuklasan na ang positibong saloobin sa pagbasa at mabubuting gawi sa pagbabasa ay may mahalagang ambag sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Ipinakita ng kanilang resulta na ang mga mag-aaral na may positibong pananaw sa pagbasa ay higit na nakapagpapakita ng mataas

na antas ng pag-unawa. Ang natuklasang ito ay nagpapatibay sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpakita ng positibong saloobin ng mga mag-aaral sa Reader-Response Approach at sa kakayahan nitong mapalalim ang kanilang pag-unawa sa alamat.

Nagpapatunay ito na ang positibong saloobin, mataas na motibasyon, aktibong pakikilahok, at paggamit ng mga makabuluhang estratehiya sa pagbasa ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang binabasa. Ang mga natuklasang ito ay umaayon sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan sumang-ayon ang mga mag-aaral na ang Reader-Response Approach ay nakatutulong sa kanilang pag-unawa sa alamat at nagpapataas ng kanilang interes at motibasyon sa pag-aaral ng panitikan.

Batay sa resulta ng pag-aaral, na nagtala ng kabuuang mean na 3.88 para sa pag-unawa sa alamat at 3.83 para sa interes at motibasyon sa pagbabasa, kapwa may berbal na paglalarawang Sumasang-ayon, ipinahihiwatig na positibong tinanggap ng mga mag-aaral ang paggamit ng Reader-Response Approach sa pagtuturo ng alamat. Ang natuklasang ito ay nagpapakita na ang estratehiya ay hindi lamang nakatulong sa aspektong kognitibo ng pagkatuto kundi maging sa aspektong pandamdamin at motibasyonal ng mga mag-aaral.

Ipinahihiwatig ng mataas na antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral na ang pag-unawa sa panitikan ay higit na napauunlad kapag sila ay nagiging aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto. Sa halip na tumanggap lamang ng mga nakahandang interpretasyon mula sa guro, nagkaroon sila ng pagkakataong bumuo ng sariling kahulugan, magbigay ng personal na reaksiyon, at mag-ugnay ng sariling karanasan sa mga pangyayaring nakapaloob sa alamat. Dahil dito, nagiging mas makabuluhan at mas malalim ang kanilang pag-unawa sa akda sapagkat sila mismo ang nakikibahagi sa pagbuo ng kahulugan ng teksto.

Ang pinakamataas na mean na 4.05 sa pahayag na may kaugnayan sa repleksiyon at talakayan ay nagpapahiwatig na ang pagkatuto ay higit na lumalalim kapag nabibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong magnilay, makipagpalitan ng pananaw, at makibahagi sa makabuluhang talakayan. Ipinahihiwatig nito na ang pag-unawa sa alamat ay hindi lamang nakasalalay sa kakayahang magbasa kundi sa kakayahang magsuri, magpahayag ng opinyon, at makinig sa pananaw ng iba. Ang proseso ng repleksiyon at talakayan ay nagiging daan upang mabuo ang mas mataas na antas ng pag-iisip at mas malalim na pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan.

Ipinahihiwatig din ng mataas na marka sa pahayag na “Mas nauunawaan ko ang simbolismo at aral ng alamat dahil sa paraang ito” (M = 3.95) na ang Reader-Response Approach ay epektibo sa pagpapaunlad ng interpretatibong pag-unawa ng mga mag-aaral. Nangangahulugan ito na ang estratehiya ay hindi lamang tumutulong sa pagkuha ng literal na impormasyon mula sa teksto kundi pati sa paglinang ng kakayahang magsuri ng mga simbolismo, pagpapahalaga, at mas malalim na mensaheng nais ipabatid ng akda. Ito ay mahalagang indikasyon na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng kakayahang mag-isip nang mas mapanuri at mapagnilay.

Sa aspektong interes at motibasyon, ang pinakamataas na mean na 4.10 sa pahayag na “Nakatutulong ang Reader-Response Approach upang maging mas interesado ako sa pag-aaral ng panitikan” ay nagpapahiwatig na ang estratehiya ay may kakayahang baguhin ang pananaw ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan. Ipinahihiwatig nito na kapag ang mga mag-aaral ay nabibigyan ng kalayaan na magpahayag ng sariling interpretasyon at damdamin, mas nagiging makabuluhan at kaaya-aya para sa kanila ang pag-aaral. Dahil dito, tumataas ang kanilang interes at kusang pagnanais na matuto, na mahalagang salik sa pagkakaroon ng matagumpay na pagkatuto.

Bagama’t ang pahayag na may kaugnayan sa pagbabahagi ng personal na karanasan sa talakayan ay nagtala ng pinakamababang mean na 3.48, nananatili pa rin itong may berbal na paglalarawang Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na may ilang mag-aaral na maaaring hindi pa lubos na komportable sa pagbabahagi ng personal na karanasan sa harap ng kanilang mga

ISSN 3028-0877 | e-ISSN 3155-6043 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

kamag-aral. Gayunpaman, ipinakikita rin nito na kinikilala pa rin nila ang kahalagahan ng gawaing ito sa pagpapalalim ng kanilang pag-unawa. Ang resulta ay nagpapahiwatig na dapat pang paigtingin ng guro ang paglikha ng ligtas, bukas, at suportibong kapaligiran sa silid-aralan upang higit na mahikayat ang mga mag-aaral na malayang magbahagi ng kanilang karanasan at pananaw.

Higit sa lahat, ipinahihiwatig ng natuklasan na ang tagumpay ng pagtuturo ng panitikan ay hindi lamang nasusukat sa taas ng marka o antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral kundi maging sa kanilang saloobin, interes, motibasyon, at pakikilahok sa proseso ng pagkatuto. Ang positibong saloobin ng mga mag-aaral sa Reader-Response Approach ay nagpapakita na ang isang estratehiya ay higit na nagiging epektibo kapag isinasaalang-alang nito ang boses, karanasan, at personal na interpretasyon ng mga mag-aaral bilang mahalagang bahagi ng pagkatuto.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang Reader-Response Approach ay isang makabuluhan, katanggap-tanggap na estratehiya sa pagtuturo ng alamat sa Filipino 7. Hindi lamang nito napalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tauhan, pangyayari, simbolismo, at aral ng alamat, kundi napaunlad din nito ang kanilang interes, motibasyon, kumpiyansa, at aktibong pakikilahok sa pag-aaral ng panitikan. Dahil dito, ang estratehiyang ito ay maaaring magsilbing mahalagang batayan sa pagbuo ng mga makabagong pamamaraan at pinagyamang hulwarang aralin na higit na tutugon sa pangangailangan at interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan.

KONGKLUSYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napag-alaman na nanatili sa antas na Nagsisimula (Beginning) ang mga respondente bago at pagkatapos ng interbensiyon sa lahat ng sinukat na kompetensiya, kabilang ang pag-isa-isa ng mga tauhan, pagtukoy ng mga mahahalagang pangyayari, at pagpapaliwanag ng mga mahahalagang pangyayari sa alamat. Bagama't may naitalang pagtaas sa mean ng mga marka sa panghuling pagtataya, hindi ito nagbunga ng pagbabago sa antas ng pagganap batay sa itinakdang pamantayan ng pagmamarka. Gayunpaman, batay sa resulta ng paired samples t-test, nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensiyon sa tatlong kompetensiyang sinukat, na may $p < .001$ sa bawat kompetensiya. Ipinakikita rin ng mga tugon ng mga mag-aaral ang positibong pagtanggap sa Reader-Response Approach, partikular sa kanilang pag-unawa, interes, at motibasyon sa pag-aaral ng alamat. Samakatuwid, maaaring kongklusyunan na ang Reader-Response Approach ay isang makabuluhan at katanggap-tanggap na estratehiya sa pagtuturo ng alamat sa Filipino 7 sapagkat nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga mag-aaral na aktibong makilahok sa pagbasa, magbahagi ng sariling reaksiyon at pananaw, at maiugnay ang binasang akda sa kanilang karanasan; gayunpaman, kinakailangan pa rin ang patuloy na paggabay, pagsasanay, at paggamit ng angkop na mga gawaing pampagkatuto upang maiangat ang kanilang kasalukuyang antas na Beginning tungo sa mas mataas na antas ng pagganap.

Batay sa mga natuklasan at kongklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda na bigyang-pansin ang pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-isa-isa ng mga tauhan, pagtukoy sa mahahalagang pangyayari, at pagpapaliwanag sa mga ito sa alamat sa pamamagitan ng paggamit ng angkop at makabagong estratehiya sa pagtuturo upang maiangat ang kanilang antas ng pagganap mula sa Nagsisimula (Beginning) tungo sa mas mataas na antas ng kasanayan. Iminumungkahi rin ang pagpapatuloy ng paggamit ng Reader-Response Approach sa pagtuturo ng alamat at iba pang akdang pampanitikan sapagkat ipinakita sa pag-

aaral ang kapakinabangan nito sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang binabasa. Hinihikayat din ang mga guro na magbigay ng mga gawaing nakatuon sa repleksiyon, talakayan, pagbibigay ng sariling interpretasyon, at pag-uugnay ng personal na karanasan sa binasang akda upang higit na mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan. Kaugnay nito, inirerekomenda ang pagsasagawa ng mga pagsasanay, seminar, at workshop para sa mga guro tungkol sa wastong paggamit ng Reader-Response Approach upang mapahusay ang kanilang kakayahan sa pagpapatupad nito sa loob ng silid-aralan. Iminumungkahi rin ang paggamit ng hulwarang aralin na binuo at ginamit sa pag-aaral bilang gabay sa pagpapaunlad ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan. Para naman sa mga susunod na mananaliksik, iminumungkahi ang pagsasagawa ng mga pag-aaral tungkol sa paggamit ng Reader-Response Approach sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa iba't ibang akdang pampanitikan sa Filipino; paghahambing ng Reader-Response Approach at iba pang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan upang matukoy ang bisa ng mga ito sa pagpapahusay ng pag-unawa ng mga mag-aaral; pagsusuri sa epekto ng Reader-Response Approach sa pagpapaunlad ng mga kasanayan sa pagbasa, pagsulat, pagsasalita, at pakikinig; at pag-aaral sa ambag nito sa paglinang ng kritikal na pag-iisip, malikhaing pagpapahayag, at pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral. Ang mga mungkahing pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing batayan sa higit pang pagpapaunlad ng mga estratehiya sa pagtuturo ng panitikan at sa pagpapahusay ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

TALASANGGUNIAN

Bist, R. B., & Kandel, T. P. (2024). Reader response approach for enhancing literary interpretation among EFL learners. Journal of Adolescent & Adult Literacy. https://doi.org/10.1177/10567879241226712

Caabay, M. T. (2024). Intervention to enhance reading comprehension skills of learners. International Journal of Educational Trends and Studies.

Cajefe, M. T. (2024). Project SIM (Strategic Intervention Materials Aid) in improving reading comprehension of Grade IV struggling readers. DepEd Region VIII Research Bulletin, 6(2).

Casingal, C. P., & Balaba, M. F. C. (2026). Filipino reading proficiency changes among elementary and junior high school students through pre-post PHIL-IRI assessment analysis in Makati City schools. Zenodo.

Castillo, M. A., & Hernandez, A. A. (2024). Catch-Up Fridays: Pagpapaunlad ng lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga akdang pampanitikan sa Filipino.

Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approach (5th ed.). SAGE Publications.

Curammeng, E. (2025). Improving reading comprehension using digital stories for Filipino students: A literature review.

Dela Cruz, M. A., & Ocampo, L. P. (2018). Antas ng pag-unawa sa mga alamat ng mga mag-aaral sa junior high school. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 24(2), 45–60.

Erie, L. J. D. (2025). Estratehiya at motibasyon sa pagbasa sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa senior high school. International Journal for Multidisciplinary Research, 7(3).

Erie, L. J. D. (2025). Estratehiya at motibasyon sa pagbasa sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa senior high school. International Journal for Multidisciplinary Research.

Familgan, G. T., et al. (2024). Magbasa para may pag-asa: A formative evaluation of a reading program. European Journal of Education and Pedagogy.

Farihah, E. N., Chotimah, C., & Tamela, E. (2023). An analysis of students' reading comprehension in narrative text. Channing: Journal of English Language Education and Literature, 8(2), 48–55.

Gebremariam, H. T., et al. (2025). Inspiring reading comprehension and motivation through comprehension reading strategies. SAGE Open. https://doi.org/10.1177/21582440251367189

Gudowski, S. (2021). Using student talk and reader response journals with adolescent readers [Master's thesis, Rowan University].

Johnson, W. F. (2025). Enacting reading comprehension: Using diverse literature to support students' understanding of texts. Reading Research Quarterly. https://doi.org/10.1002/rrq.584

Kaowiwattanakul, S. (2021). CEFR based learning approach: Using literature to enhance EFL students' reading skills and critical thinking skills. English Language Teaching, 14(11), 66–79.

Kim, M. (2024). New reader response: An examination of three high-school classrooms. Educational Insights and Engagement.

Lestari, D., & Rahayu, A. (2020). The effectiveness of reader-response approach in improving students' literary comprehension. Journal of Language Teaching and Research, 11(4), 602–608.

Malejana, J. N. (2020). Development of critical literacy pedagogy: Basis for improving reading comprehension skills in Albay. Bicol College Journal, 5(4), 1–15.

Malinda, N. (2025). Improving reading comprehension of eighth-grade students through folklore: A pre-experimental study. GEHU Journal, 4(4), 798–806.

Monica, & Soplantila, E. (2024). The role of local folklores in students' reading comprehension. MATAI International Journal of Language Education, 4(2), 185–198. https://doi.org/10.30598/matail.v4i2.13717

Panes-Arenga, M. J. B. (2021). "Visible thinking routine" sa pagtuturo ng panitikan: Pagtiyak sa antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa [Master's thesis, West Visayas State University]. West Visayas State University Institutional Repository. https://hdl.handle.net/20.500.14353/673

Panes-Arenga, M. J. B. (2021). Visible thinking routine at kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral [Master's thesis, West Visayas State University].

Pasaribu, T. A., & Iswandari, Y. A. (2019). A reader response approach in collaborative reading projects to foster critical thinking skills. LLT Journal: A Journal on Language and Language Teaching, 22(2). https://doi.org/10.24071/llt.v22i2.1960

Pastera, J. M. R. (2024). Learners' reading strategies and comprehension skills. International Journal of Scientific and Management Studies, 7(5).

Ramos, J. T. (2021). Paggamit ng lokal na alamat bilang estratehiya sa pagpapataas ng kasanayan sa pagbasa sa Filipino. Hasaan: Journal ng Filipino Language and Literature, 8(1), 15–30.

Rosales, M. J. D. (2019). Students' encounter and challenges with e-literature. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research.

Sanggawa, J. L. (2024). Antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Cognizance Journal. https://doi.org/10.47760/cognizance.2024.v04i12.031

Segundo, B. L. W. (2025). Enhancing the reading comprehension of Grade 2 learners through integrative performance assessment.

Sopian, S. (2025). Exploring the impact of local folklore on reading comprehension. Jambi-English Language Teaching Journal, 9(2), 63–77.

Suarez, G. W. A., & Diva, C. (2022). Using reader response strategy and affective learning domain in teaching literature to enhance critical thinking. International Journal of Educational Management and Development Studies, 3(4), 61–82. https://doi.org/10.53378/352938

Tamparong, A. V. (2026). A comparative analysis of approaches to improving literary interpretation skills among Grade 10 students. Journal of International Publications.

Widayanti, M. J. A., Mujiyanto, J., Rukmini, D., & Pratama, H. (2025). Optimizing the reader response approach: A strategic framework for improving reading comprehension in EFL classroom. EduPij.

Youssef, R. A. (2021). The effect of the reader response approach on secondary school EFL students' reading comprehension of narrative texts. International Journal of Innovative Trends in Education and Society (IJITES). https://doi.org/10.21608/ihites.2021.60565.103